

# SULAT SA MGA TAGA-ROMA

Dumating si Jesus bilang Tagapagligtas, at una sa lahat, hangad niyang iligtas ang sambayanang Judio. Nangusap siya sa kanila tungkol sa Paghahari ng Diyos, at naintindihan nila ito bilang paghahari ng Diyos sa kanilang sambayanan tulad ng paghahari niya sa buhay ng bawat isa sa kanila. Pinahalagahan niya ang kanilang mga inaasam sa buhay at binigyang-direksyon ang mga ito upang ibilang ang lahat sa pagmamagandang-loob ng Diyos: ito ang mabuting balita para sa kanila.

Ngunit pagkalipas ng ilang taon, sa pagsisimula ng misyon sa mga lupaing nasasakupan ng imperyo ng Roma, kailangang ipangaral din ang Ebanghelyo bilang mabuting balita sa mga Griyego na silang mga tagapakinig ni Pablo. Matatag ang kaayusan ng kanilang lipunan kayat hindi sila gaya ng mga Judio na paglaya ang hangad. Sa pananakop ng imperyo ng Roma sa mga bayan, pinawi nito ang dangal at mga ambisyon ng maliliit pati na ng malalaking bansa. Lumikha ito ng guwang sa kalooban ng mga tao na siyang magbibigay-lugar sa relihiyon at paghahanap ng kahulugan sa buhay. Interesado sila sa anumang may kinalaman sa tao, at sa kung anu-anong mga doktrina at relihiyo'y naghahanap sila ng daan para matakasan ang guhit ng tadhana. Sa kanila kailangang ipahayag si Kristo na siyang lulutas sa mga kontradiksyon at magbibigay-buhay sa kanila.

Sa sulat na ito sa mga Kristiyano sa Roma na kapitolyo ng imperyo, layunin ni Pablo na sagutin ang mga alalahanin ng mga Griyego nang hindi kinakaligtaan ang mga Judio. Marami ang mga Judio sa komunidad sa Roma gaya ng sa lahat ng komunidad sa buong imperyo. At para sa mga sumampalataya kay Kristo, problema nila kung saan nila ilalagay ang sarili sa relasyon sa Diyos matapos tanggihan ng kanilang sambayanan ang pananampalatayang-Kristiyano. Hanggang noo'y kaisa sila sa pag-asa ng kanilang bayan, sa pag-aakalang makikilala ng buong Israel ang pagdating ng Diyos na Tagapaglitas. Ngunit ngayo'y napakaliit na grupo lamang sila sa dulo ng mahabang kasaysayan.

Paglalahad tungkol sa buhay-Kristiyano ang malaking bahagi ng sulat sa mga taga-Roma. At hindi lamang parang mahirap kundi talagang mahirap itong intindihin. May mababasa tayo ritong mga paliwanag at paggamit sa ilang teksto sa biblia na kalimita'y ipagtataka natin dahil may mga pagkakataong pamamaraan ng mga rabbi sa Jerusalem ang ginagamit ni Pablo para patunayan ang kanyang mga argumento. Pero hindi agad na nakikita ang layunin ng mga tekstong ito ni ang gustong patunayan ng mga ito. Ipaliliwanag natin ang mga talatang ito. Ngunit maaari ring makalito ang sulat na ito sa maraming babasa nito na hindi sanay ituring ang

pananampalataya at buhay-Kristiyano bilang bunga ng kumbersyon sa sandaling madiskubre ninuman ang pagtawag at pagmamahal ng Diyos.

Hindi doktrina o teolohiya ang simula ni Pablo kundi sariling karanasan. Ang karanasan niya sa Kristong nabuhay, ang pagtawag at pagtatalaga sa kanya sa paglilingkod sa ebanghelyo at ang mahaba niyang karanasan sa buhay bilang apostol, ang mga kaloob ng Espiritung patuloy na gumagawa sa kanya, ang palagiang pakikipagbuklod kay Jesus na siyang Panginoon – sa mga ito nakaugat ang pananaw niya sa pananampalataya.

Kayat nagsasalita si Pablo tungkol sa pagliligtas ng Diyos na para bang hindi pansin ang magulong kalagayan ng Palestina kung saan katunggali ng nasyonalismo ng mga Judio ang mga Romano, at may kinalaman sa pulitika ang anumang adhikain sa relihiyon. Pagliligtas sa buong sangkatauhan ang pagliligtas ng Diyos ngunit sa puso ng mga tao ito nagkakatotoo; sa pagsagot natin sa panawagan ng Diyos nakasalalay ang lahat: may lakas ba tayo ng loob na manalig sa kanya?

Dahil mismo sa kanyang kasaysayan kaya inilalahad ni Pablo ang pagsampalataya bilang isang madulang kumbersyon. Alipin ni Kasalanan si Tao (mahalagang maintindihan natin kung ano ang gustong sabihin dito ni Pablo). Wala na siyang ano pang sagot na hinihintay kundi ang ating pagsampalataya, isang pananampalatayang magpapalaya sa atin.

Ito ang pagliligtas na ipinahahayag ng biblia ngunit hindi ito pagbabagong-anyo lamang o pagpapaging mas mabuti sa relihiyon ng mga Judio. Ipinapasok tayo ng ating binyag sa mahiwagang daigdig na walang iba kundi ang sa Kristong nabuhay: "nakay Kristo" na tayo at nabubuhay ayon sa kanyang Espiritu. Isang bagong panahon ang pinasisinayaan ng kaloob na Espiritu kung saan batas ng pag-ibig ang dahilan ng lahat para sa mga naging mga tunay na anak ng Diyos. Kayat babalikan ni Pablo ang pinoproblema ng mga Judio: paano iintindihin ang kasaysayang ito ng Israel na pinangakuan ng Diyos ng tagapagligtas gayong hindi naman nila siya kilala?

Ipinadala ni Pablo ang sulat na ito mga taong 57 o 58, at maaaring mula Corinto. Sa mga komunidad lamang na kilala niya nang personal siya sumusulat, at alam niya ang mga problema ng mga ito. Sa pagkakataong ito, gumagawa siya ng malawakang paglalahad ng pananampalataya, pagliligtas at buhay-Kristiyano. Ngunit sa ikalawang bahagi ng kanyang paglalahad sa pananampalataya, tinatalakay rin niya ang partikular na mga problema. Tulad sa iba pang bahagi ng imperyo, mahirap pagbuklurin sa isang pamayanan ang mga Judio at ang mga paganong nanampalataya. Alam ito ni Pablo at ipinahahayag niya sa kanila ang para sa ati'y napakahirap gawin: ang tanggapin ang ating mga pagkakaiba't iba.

### *Ang Lugar sa Iglesya ng Sulat sa Mga Taga-Roma*

Hindi natin puwedeng pag-usapan ang Sulat sa mga Taga-Roma nang hindi binabanggit ang lugar nito sa mga Iglesyang Protestante. Ipinapalagay ng marami na ito ang pinakasusi sa pag-intindi sa Bagong Tipan.

Sa katunaya'y napag-ibayo ni Luther ang Repormasyon dahil sa pagbibigay niya ng paliwanag sa sulat na ito. Hindi siya nagkamali nang makita niya rito ang paghatol sa nakatayo nang Iglesya na kung minsa'y makamundo at madalas na nababale-wala ang pananampalataya dahil sa mga kaugaliang wala namang kinalaman sa pananampalatayang nagliligtas. Naging tulad nga ng sambayanan ng Israel noon ang sambayanang Kristiyano ng Gitnang Panahon. Kristiyano sila dahil ipinanganak silang Kristiyano; sumasampalataya sila pero tulad ng sa alinmang kultura, naniniwala silang maliligtas dahil sa mga seremonya ng relihiyon at sa paggawa ng mabuti na langit ang kapalit. Kayat malaking bagay ang paalalahanan ang mga Kristiyanong ito noon na pananampalataya pala ang pinakasentro ng anumang kumbersyon na

siyang pagtugon sa pagmamagandang-loob na tawag ng Diyos. Tanging ang Kristong Tagapagligtas lamang ang nasa sulat na ito, at sapat na ito para ilagay sa dapat kalagyan ang buong sistema ng relihiyon na pinabigat ng mga tradisyon at debosyon nang panahong iyon. Pananampalataya ang binibigyang-diin ng Repormasyon, samantalang sa loob ng Iglesya'y halos pangangaral lamang tungkol sa moralidad o listahan kaya ng mga paglabag dito ang kanilang naririnig. Ipinaabot nito ang Salita ng Diyos sa lahat ng binyagan na noo'y mga "taong-Simbahan" ang nakagawiang panaligan. Mabigat nga itong puna sa Iglesya na sarili ang pinagtutuunan ng pansin sa halip na ang Diyos, at nakakapit sa isang mapaniil na sistemang pampulitika, pandoktrina na nagsasara sa mas malawak na pananaw.

Ngunit hindi nila nabigyan ng sapat na pansin ang pagkakaugat ng sulat na ito sa kabuuan ng karanasan ni Pablo bilang Judio at Pariseo, na noo'y isang apostol na deretsahang tinawag ni Kristo. Ito ang pinakasimula ng pagsasalita niya tungkol sa sala at pagpapaging-matuwid, tungkol sa pagtawag ng Diyos at pagliligtas ng pananampalataya. Tulad ng kanyang mga kapanahon, naghahanap ng sagot si Luther sa kanilang problema o sa kanilang kabalisahan. Pinalaki nila ang tingin sa kasalanan at walang hanggang parusa. Biktima sila ng isang pilosopiya na nagpapalagay na walang anumang masama o mabuti sa ganang sarili malibang ang Diyos mismo ang magsabi nito. Dahil dito, inintindi nila ang lahat ng sinasabi ni Pablo tungkol sa predestinasyon ng sambayanang Judio bilang personal na predestinasyon sa langit o impiyerno.

Kapag nagsasalita si Pablo tungkol sa pagpapaging-matuwid – isang salita na noong panahong iyo'y may malawak at walang tiyakang kahulugan – ang pagpapanumbalik ng tunay at totoong kaayusan na gawa sa atin ng Diyos ang gusto niyang ipakahulugan dito. Ngunit iba ang naging pag-intindi nila dito: na kung sasampalataya tayo, tatanggapin tayo ng Diyos kahit na walang anumang nabago sa atin. Ang malawak na pagtingin sa sangkatauhan at kasaysayan bilang larangan ng paglalaban ng sala at grasya ay naging pampersonal na problema lamang: talaga nga bang malaya ako o alipin ng sala o grasya? Sa literal na pag-intindi sa mga larawan at paghahambing ni Pablo, nabuo ang doktrina ng kasalanang orihinal na nagsasabing pinagbabayaran nating lahat ngayon at magpakailanman ang pagkakasala ng mga unang magulang natin.

Tampok sa pagtatalo ng maraming salinlahi ng mga Protestante at mga Katoliko ang mga kontrobersyang ito: kaligtasan sa pamamagitan lamang ng pananampalataya, o sa pamamagitan ng pananampalataya at mga gawa, o sa pamamagitan ng pananampalataya, mga gawa at mga sakramento? Natabunan ng labis na pagbibigay-diin sa kaligtasan ang pagmamahal ng Amang nagliligtas at ng Kristong Tagapagligtas: paano ako makalalabas sa masikip at mahigpit na kahong ito na pinagkukulungan sa akin ng Diyos? Magiging masama ang karanasan ng Kanlurang daigdig sa konseptong ito ng isang makatarungang Diyos na may mga pasyang walang pagkabali at kaagad-agad na naghahatol sa mga tao na mapasaimpiyerno. Ito ang magbibigay-daan sa paghihimagsik sa mga susunod na dantaon: ang militanteng ateismo.

Mahalaga ring tingnan ang kasaysayan at mga sanhi nito. Makikita ng sinumang babasa kay Pablo lalo na sa kanyang sulat sa mga taga-Roma na para kay Pablo, isa ngang amang may maalab na pagmamahal sa kanyang mga anak ang Ama ni Jesus. Malaki ang pagkakatulad nito sa kaisipan ni Juan sapagkat kadalasa'y sariling karanasan ng pakikipagbuklod sa Diyos ang pinagninilayan ni Pablo.

Sa pagbasa natin sa liham na ito, maranasan din sana natin ang nakita nina Agustin at Luther: isang sulyap sa hiwaga ng sangkatauhang iniligtas ni Kristo. Sapagkat maaaring ang paglimot sa hiwagang ito ang dahilan ng pagbibigay-diin ng mga Katoliko sa mga sakramento at mga kaugalian, at nababale-wala ang napakahalagang misyon sa daigdig.

1 • 1 Liham ni Pablo, utusan ni Kristo
Jesus,
apostol na tinawag ng Diyos,
at hinirang para paglingkuran ang kan-
yang Magandang Balita.
2 Ibinunyag niya ito, sa pamamagitan
ng mga propeta, sa Banal na Kasulatan,
3 at tungkol ito sa kanyang Anak.
Nagmula siya kay David ayon sa
laman, 4 ngunit ipinahayag nang may
kapangyarihan ng Banal na Espiritu, sa
kanyang pagkabuhay mula sa mga patay,
na siya ang Anak ng Diyos.
5 Sa kanya namin tinanggap ang ka-
loob na ito na maging apostol upang ipa-
kilala ang kanyang pangalan sa lahat ng
bansang pagano at ipasunod ang pani-
niwala.
6 Kayong mga tinawag para kay Kristo
Jesus ay kabilang din sa mga bansang ito,
7 kayong mga nasa Roma, na minamahal
ng Diyos at banal dahil sa pagkatawag.
Sumainyo ang kagandahang-loob at
kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama
at sa Panginoong Jesucristo.

**Nananabik si Pablo na dalawin sila**

8 Una'y nagpapasalamat ako sa aking
Diyos sa pamamagitan ni Jesucristo dahil
sa inyong lahat, sapagkat tanyag sa bu-
ong daigdig ang inyong pananampala-
taya. 9 Lagi ko kayong inaalaala sa aking
mga panalangin; saksi dito ang Diyos na
binibigyan ko ng espirituwal na pagsamba
sa paglilingkod ko sa Ebanghelyo ng kan-
yang Anak. 10 Gusto ko sana kayong
puntahan kung ito ang kalooban ng
Diyos. 11 Pinananabikan ko nga kayong
makita para maibigay sa inyo ang espiri-
tuwal na kaloob upang patatagin kayo.
12 Lalakas tayo sa pagbabahaginan ng
iisang pananampalataya.
13 Gusto kong malaman ninyo, mga ka-
patid, na paulit-ulit kong binalak na pun-
tahan kayo ngunit may balakid pa rin sa
akin hanggang ngayon. Gusto ko nga
kayong pabungahin gaya ng ibang mga
bansang pagano. 14 May pananagutan ako
sa mga Griyego at sa iba pa rin, sa may
pinag-aralan at sa wala. 15 At para sa akin,
gusto ko talagang ipahayag ang Ebang-
helyo sa inyo na nasa Roma.
• 16 Sapagkat hindi ko ikinahihiya ang
Ebanghelyo. Lakas nga ito ng Diyos at
pagliligtas para sa sinumang sumasam-
palataya, para sa Judio muna at sa Griye-
go rin. 17 Nabubunyag dito kung paano
tayo ginagawang matuwid at banal ng
Diyos bunga ng pananampalataya upang
mabuhay sa pananampalataya, ayon sa
sinasabi sa Kasulatan: *Mabubuhay ang
matuwid mula sa pananampalataya.*

---

• **1.**1 *Pablo, hinirang para paglingkuran ang kanyang Magandang Balita.* Tatlong beses na binabanggit ni Pablo ang Ebanghelyo sa talatang ito. Sa panahong iyon, ang salitang Ebanghelyo, na ibig sabihin ay Magandang Balita, ay nagpapahiwatig ng tagumpay. Inihaharap ni Pablo ang kanyang sarili bilang tagapagbalita ng mapagpalayang mensahe na ibinibigay sa buong sangkatauhan.

Ano ang ebanghelyo ni Pablo? Ganito niya ito nilalagom. Bumaba sa lupa ang Anak ng Diyos at matapos makibahagi sa karaniwang katayuan ng kapatiran, tinaglay niya sa kanyang Muling Pagkabuhay ang Kaluwalhatiang karapat-dapat sa kanya.

*Itinuro siyang Anak ng Diyos* (4). Maari rin itong isalin na ginawa o kinilala bilang Anak ng Diyos. Hindi ito nangangahulugan na si Jesus ay hindi pa Anak ng Diyos bago siya muling nabuhay; Anak na siya ng Diyos noon pa pero sa hamak at mortal na kalagayan. Sa kanyang Muling Pagkabuhay, nilangkapan ng Espiritu ng Diyos – na siyang pagbabahagi ng kapangyarihan ng Diyos ang kanyang pagkatao kaya maaari na ngayong makilala ng tao kung sino siya talaga: ang Anak ng Diyos.

Sa pangkaraniwan, inilalaan ni Pablo ang salitang Diyos upang tukuyin ang Diyos Ama, bukal ng kadiyosan, pinagmumulan ng lahat ng banal na pagkukusa. Ibinabahagi ng Ama ang kanyang buhay sa Anak. Muling iniaalay naman ng Anak ang buhay na ito sa Ama sa paraang kapwa sila pinagmumulan ng Espiritu Santo. Nakaugat sa buhay na ito ng Diyos ang buong buhay ng isang Kristiyano. Kaya naman madalas na binabanggit ni Pablo ang mga pangalan ng tatlong persona.

*Sa kanya namin tinanggap ang kaloob na ito na maging apostol.* Ang labindalawang apostol ay pinili ni Jesus at pinagtibay ng Espiritu Santo sa kanilang misyon noong araw ng Pentekostes. Pinaaalalahanan tayo ngayon ni Pablo na hinirang din siyang apostol ni Jesus na sumalubong sa kanya sa daan patungong Damasco.

**Ang "poot" ng Diyos sa sangkatauhan**

• 18 Nakaamba mula sa langit ang poot
ng Diyos laban sa lahat ng kalapas-
tanganan at kasamaan ng mga taong
sinisiil ang katotohanan sa kanilang
kabuktutan. 19 Maliwanag sa kanila ang
puwedeng malaman tungkol sa Diyos:
ang Diyos mismo ang nagpahayag nito.
20 Nakikita sa nilikha niyang daigdig ang
mga di-nakikita sa kanya, at matutukla-
san sa pamamagitan ng kanyang gawa
ang walang hanggan niyang kapang-
yarihan at pagka-Diyos.

Kaya wala silang maidadahilan. 21 Ki-
lala nila ang Diyos at hindi nila siya pina-
rangalan at pinasalamatan. Sa halip, na-
ngatwiran silang parang mga tanga at
pinagdimlan ang bulag nilang kalooban.
22 Sila'y mga lokong nagmamarunong.
23 Ipinagpalit nila ang kaluwalhatian, ang
Diyos na walang kamatayan, sa larawan
ng kahit anong lumilipas: ibon, hayop at
ahas.

24 Dahil dito, pinabayaan sila ng Diyos
sa kanilang maruming pagnanasa at sa
kahalayan, kaya nilapastangan nila ang
sariling katawan. 25 Sapagkat mas gusto
nila ang kasinungalingan kaysa katoto-
hanan ng Diyos, at pinaglingkuran nila
ang nilikha sa halip ng Maylikha – sa
kanya ang luwalhati magpakailanman!
Amen. 26 Dahil dito, ibinigay sila ng Diyos
sa mga kahiya-hiyang pagnanasa. Ipi-
nagpalit nga ng kanilang kababaihan ang
relasyong ayon sa kalikasan para sa
relasyong laban sa kalikasan. 27 Gayon
din naman, ayaw ng mga lalaki ang natu-
ral na relasyon sa babae, at natupok sila
sa pagnanasa sa isa't isa. Ginawa ng
lalaki sa kapwa-lalaki ang kahalayan, at

---

*Lalakas tayo sa pagpapalitan sa pananampalatayang akin at inyo*. Kailangang magbahaginan ng mga pagkabagabag, pag-asa at pananampalataya ang apostol at ang nananampalataya. Isang kapatiran ang Iglesya. At upang maitaguyod ang buhay-Kristiyano, dapat tayong magsama-sama nang mas madalas.

• 16. *Hindi ko ikinahihiya...* (16). Ang ipinahahayag ni Pablo na Tagapagligtas ay isang Judiong ipinako, isang karpinterong di-kilala. Kung ilang beses ding napagtawanan si Pablo kapag nagsasalita siya tungkol sa patay na taong ito na bumangon uli sa puntod upang maging Hukom ng sangkatauhan!

*Lakas nga ito ng Diyos...* (16). Ang mga himala na kasama ng pangangaral ng Ebanghelyo ay mga tanda lamang ng makapangyarihang pagkilos ng Diyos sa pagbabago ng tao at ng dating mundo. Sinabi ng Ebanghelyo na bumangon muli si Jesus at ipinababahagi rin ng Ebanghelyo sa mundo ang pagkabuhay ni Kristo.

*Matuwid...makatarungan* (17). Kapwa nangangahulugan ng pagkahusto, pagkamakatarungan at pagkamatuwid ang salitang ginagamit ni Pablo. At kapag nagsasalita siya tungkol sa *katarungan* ng Diyos, hindi ang pagkamakatarungan ng Diyos ang kanyang tinutukoy sapagkat ang *katarungan* ng Diyos ay ang pagkilos niya para panatiliin ang kaayusan ng mundo. Sa natatanging paraan, ipinahihiwatig ng *katarungan* ng Diyos na kailangang maging *makatarungan* ang tao, ibig sabihi'y *matuwid* sa mata ng Diyos. Parang santo/santa (ayon sa pagkaintindi natin sa salitang ito ngayon) ang taong *matuwid* o sa mas simpleng pananalita, nabubuhay siya "kung ano siya dapat" sa mata ng Diyos.

Para sa ating mga Kristiyano, mas malawak ang kahulugan ng mga salitang *katarungan* at *makatarungan*, na ngayo'y lahat ng mabuti ang ibig sabihin: *pagiging makatarungan/matuwid* ang pamumuhay ayon sa kalooban ng Diyos.

Binibigyang-pansin ni Pablo ang panloob na aspekto ng pagkilos na ito ng Diyos: binabago tayo ng Diyos. Kaya may mga pagkakataong isasalin natin ang *binibigyang-katarungan tayo ng Diyos* bilang *ginagawa tayong matuwid at banal ng Diyos o pinagkakalooban tayo ng Diyos ng tunay na pagkamatuwid.*

• 18. Sa mga talataang ito, ang daigdig ng mga paganong Griyego ang tinutukoy ni Pablo, kabilang dito ang mas malaking bahagi ng sangkatauhan na hindi pa nakaririnig sa salita ng Diyos. Sa totoo'y nasa kanilang konsiyensya pa rin ang Diyos, at sa mga dantaong sibilisasyon at pananaliksik sa relihiyon, sinikap nilang alamin ang Diyos at ang katotohanan. Ngunit ipinakikita ni Pablo ang kawalang-bisa ng gayong pagsisikap ng tao sapagkat kung saan hindi pa nangungusap ang Diyos tulad ng ginawa niya sa mga Judio, higit na laganap ang kamangmangan at imoralidad.

*Kilala nila ang Diyos at hindi naman nila siya pinarangalan at pinasalamatan*. Ihambing natin ito sa Karunungan 13 at sa sinabi ni Pablo sa Mga Gawa 17:27-29. Pinatutunayan ng biblia sa mga talataang ito na maaaring makilala ng lahat ang Diyos. Sa pagtingin ng sinuman sa mundo at pagninilay sa

saka nila tinanggap sa kanilang katawan
ang nararapat na parusa sa kanilang kati-
walian.
28 Hindi nila nakilala at pinarangalan
ang Diyos, kaya pinabayaan sila ng Diyos
sa kanilang masamang pag-iisip upang
gawin nila ang di-nararapat. 29 Sila'y di
makatarungan, puno ng kasamaan, kasa-
kiman, kabastusan, inggit. Mamamatay-
tao sila, mahilig makipagtalo, manda-
raya, may masamang kalooban. Madal-
dal sila, naghahamon sa Diyos, 30 ma-
panirang-puri, masakit magsalita, ma-
yayabang, mapagmataas, magaling sa
masama, suwail sa mga magulang,
31 walang-isip, di matapat, walang pag-
mamahal, walang awa. 32 Alam nila ang
utos ng Diyos, na dapat mamatay ang
mga gumagawa ng gayong mga bagay.
Subalit ginagawa pa rin nila ang mga ito
at sinasang-ayunan ang mga gumagawa
nito.

**Dapat ding matakot sa paghatol ang mga Judio**

2 • 1 Dahil kaya mong manghusga
ng kapwa, kaibigan, hindi mo na
mapagtatakpan pa ang sarili. Sa paghatol
mo sa iba, sarili mo ang iyong hinahatu-
lan, sapagkat ginagawa mo rin mismo
ang iyong hinahatulan. 2 Alam natin:
makatarungang humahatol ang Diyos sa
mga gumagawa nito. 3 Sa akala mo ba'y
hindi ka hahatulan ng Diyos matapos
mong gawin ang gayon dahil lamang sa
paghatol mo sa mga gumagawa niyon?
4 Huwag mong bale-walain ang labis na
kabutihan at pasensya at malawak na
pang-unawa ng Diyos. Isipin mong ang
iyong pagsisisi ang layunin ng kabutihang
ito ng Diyos. 5 Pero kung magmamatigas
ka at hindi magsisisi, mabigat na paghatol
ang inihahanda mo sa Araw ng Paghatol
na maghahayag sa tumpak na hatol ng
Diyos.

---

buhay, madali siyang makakakita ng mga tanda na naroon nga ang Diyos. Pero kapag namumuhay sa kasalanan ang sinuman, *natatabunan ang katotohanan.* Hindi nga hayagang sinasabi ng mga tao na walang Diyos pero binabale-wala naman nila siya.

Hindi opsyon o luho ang pagsampalataya, na para bang walang pagkakaiba, meron man tayo nito o wala. Tiyak na marami sa atin sa daigdig ang wala nito at nabubuhay pa rin nang maalwan. Ngunit kung aalisin natin sa ating buhay at kultura ang lahat ng galing sa pananampalataya, mamamatay ang daigdig dahil sa kawalan ng pag-asa tulad ng nangyayari sa mga bansa at mga ideolohiyang nagtakwil nito. Kaya sa pagpapahayag natin sa Ebanghelyo, pinalalaya natin ang mga taong tunay na nangangailangan ng Ebanghelyo, kahit na kuntento na sila sa kanilang sarili.

Gayundin naman, huwag tayong magtaka kung sa mga bansang nakaririwasa'y tinatanggap ng ilang "Kristiyano" ang homoseksuwalidad. Bunga ito ng pagsamba sa diyus-diyusan na hatid ng lipunang konsumerista. Sapagkat sa ganitong lipunan, itinuturing na pinakahuwaran ang pagbibigay-kasiyahan at pagpapakasasa ng mga mapera at malulusog. At sumasapit ang panahon na mga nilalang ang ipinapalit nila sa Diyos. Nangungusap nga sila tungkol sa Diyos ngunit binabale-wala naman nila ang kanyang *Luwalhati at puno ng karimlan ang kanilang isipan.* Nagpapakasaya sila at sinasabi nilang maligaya sila pero ang nakikita sa kanila'y mga taong makalaman na papunta sa pagkamatay.

*Ibinigay sila ng Diyos sa mga kahiya-hiyang pagnanasa.* Relasyong homoseksuwal ang tinutukoy dito ni Pablo. Sa daigdig ng mga Griyego, tanggap ng mga tao ang pagtatalik ng magkaparehong seks, lalo na ng dalawang lalaki, at pinupuri pa nga ito ng mga dakilang pilosoper. Sinasabi naman ni Pablo na hindi tanda ng mas bukas o mas malayang diwa ang ganitong pagtingin kundi bunga ng kanilang kamangmangan sa Diyos.

Inuulit lamang ng pagkondenang ito ang nasa Matandang Tipan (Lev 20:23) ngunit nagugulat dito ang mga Kristiyano sa mga bansa na kawalang-disiplina ang tunay na relihiyon.

Sa totoo'y isang uri ng pagdiyos sa sariling katawan ang relasyong homoseksuwal. Hindi naman nito siyempre kinokondena ang mga may ganitong damdamin, maging bunga man ito ng kalikasan o kadalasa'y ng kultura.

• **2.**1 *Hindi mo na mapagtatakpan pa ang sarili.* Kinakausap ni Pablo ang mga Judiong naghihintay sa paghuhukom ng Diyos sa daigdig at naniniwalang hindi sila hahatulan dahil nasa kanila ang tunay na relihiyon. Ipinaaalaala ni Pablo sa kanila ang matagal na rin nating alam: sa pagdami ng ating kaalaman sa relihiyon, gayon din naman ang ating mga argumento para pagtakpan ang ating mga kamalian.

*Gagantihan niya ng buhay na walang-hanggan.* Kinondena ni Pablo ang kawalang-katarungan at kamalian ng mga pagano. Ngayon nama'y kinikilala niya ang marami na walang alam sa relihiyon pero nabubuhay nang matuwid. Sa kasunod na talata, sinasabi ni Pablo na:

[6]Gagantihan nga niya ang bawat isa
ayon sa kanyang mga gawa: [7]buhay na
walang-hanggan sa naghahanap ng lu-
walhati, dangal at kawalang-kamatayan;
[8]ngunit paghatol at galit naman sa mga
sumusunod sa kasamaan at hindi sa
katotohanan. [9]Paghihirap at kapighatian
para sa lahat ng taong gumagawa ng
masama, ang Judio muna at saka ang
Griyego. [10]At luwalhati naman, dangal at
kapayapaan sa tanang gumagawa ng
mabuti, ang Judio muna at saka ang
Griyego. [11]Sapagkat walang itinatangi
ang Diyos.

**Bawat isa'y hinahatulan ng kanyang konsiyensya**

[12]Di sa Batas hahatulan ang nagkasa-
lang di alam ang Batas. Sa Batas naman
hahatulan ang mga nagkasala sa ilalim
ng Batas. [13]Hindi nga itinuturing na
matuwid ng Diyos ang nakikinig sa
Batas, kundi ang tumutupad nito.
[14]Kung likas na tinutupad ng mga paga-
nong walang Batas ang mga iniutos ng
Batas, sila mismo ang nagiging batas
para sa kanilang sarili, sa halip ng Batas
na wala sa kanila. [15]Pinatutunayan nito
na nasusulat sa kanilang mga puso ang
iniutos ng Batas. Ang kanilang kon-
siyensya ang huhukom sa kanila; para-
ratangan sila o sasang-ayunan ng sarili
nilang pangangatwiran [16]sa araw na
hukuman ng Diyos sa pamamagitan ni
Jesucristo ang mga lihim ng mga tao. Ito
ang aking Ebanghelyo.

[17]Ngunit, ipagpalagay na nating ikaw
ay taal na Judio at nagtitiwala ka sa Batas
at iniisip mong kakampi mo ang Diyos.
[18]Alam mo ang kanyang kalooban –
tinuruan ka nga ng Batas – at alam mo
ang dapat gawin sa iba't ibang kalagayan.
[19]Itinuturing mo ang iyong sarili na
tagaakay ng mga bulag, liwanag sa
kadiliman; [20]tagapagturo ng mga mang-
mang, guro ng mga bata, at binaba-
langkas sa iyo ng Batas ang kaalaman at
katotohanan. [21]Pero, kung nakapanga-
ngaral ka sa iba, bakit hindi sa iyong sarili
mismo? Sinasabi mong huwag mag-
nakaw, at pagkatapos ay ikaw ang
nagnanakaw? [22]Sinasabi mong huwag
makiapid, gayong ikaw ang nakikiapid?
Nasusuklam ka sa mga diyus-diyusan,
pero pinagnanakawan mo naman ang
templo? [23]Ipinagmamalaki mo ang Batas,
at dinudungisan mo naman ang dangal ng
Diyos sa paglabag sa batas, [24]gaya ng
sinasabi sa Kasulatan: *Dahil sa inyo na-
dudungisan ang ngalan ng Diyos sa
bansang pagano.*

[25]May kabuluhan ang pagtutuli kung
isinasabuhay mo ang Batas. Ngunit kung
nilalabag mo ang Batas, muli kang nagi-
ging isa sa mga di-tuli. [26]Sa halip, kung
tinutupad ng di-tuli ang Batas, hindi ba
ituturing na tuli ang di-tuling ito? [27]Haha-
tulan ka ng di-tuli sa laman na tumutupad
naman sa Batas, dahil ikaw na may Kasu-
latan at pagtutuli ay lumalabag sa Batas.
[28]Sapagkat hindi tunay na Judio ang may
panlabas na tanda lamang, at hindi tunay
na pagtutuli ang nakikita sa laman. [29]Li-
ngid sa paningin ang tunay na pagka-
Judio; sa espiritu at di sa titik ang pagtu-
tuli ng puso. Pinahahalagahan ito ng
Diyos, hindi ng mga tao.

---

– huhukuman ng Diyos ang bawat isa ayon sa sarili niyang liwanag; ganap na sasang-ayon ang ating konsiyensya sa paghuhukom na ito ng Diyos sa atin;

– may mga anak din ang Diyos sa mga hindi sumasampalataya: huhukuman niya sila gaya ng ginagawa niya sa atin, ayon sa landas na kanyang pinaglagyan sa kanila.

Para kay Pablo, magkatunggali ang *titik* at *espiritu* (27-29). *Titik* ang nasusulat na mga kautusang sinusunod ng mga Judio pero nananatili namang panlabas para sa kanila. Layunin ng mga kautusang ito ang ihatid sila sa pagbabagong-loob – ito ang *espiritung* gusto ng Diyos. Sa mga sulat ni Pablo, may magkakatapat na dalawang set ng mga salita: *laman, dating tipan, mga kautusan, Batas, titik... at Espiritu, bagong tipan, pangako, espiritu...*

**Ano'ng bentaha ng Judio?**

**3** • 1 Kayat anong bentaha ng Judio,
at anong silbi ng pagtutuli? 2 Malaki,
kahit paano: Una, dahil sa kanila ipinag-
katiwala ang mga salita ng Diyos – 3 E ano
kung hindi naniwala ang ilan sa kanila? –
Puwede bang bawiin ng Diyos ang kan-
yang salita dahil sa kanilang di pani-
niwala? 4 Hindi! Mapatutunayang tapat
ang Diyos at sinungaling naman ang tao
gaya ng sinasabi sa kasulatan: *Ikaw ang*
*lilitaw na tama sa iyong mga salita, at*
*ikaw ang mananalo kung huhukuman.*

5 Subalit kung mas pinalilitaw ng ating
kasamaan ang katarungan ng Diyos,
puwede ba nating sabihing "Di makata-
rungan ang Diyos kapag pinarusahan
niya tayo"? (Puwedeng may makapag-
sabi nito.)

– 6 Hindi! Kung magkagayon, hindi
mahuhukuman ng Diyos ang daigdig.

– 7 At paano kung mas ipinapakita ang
katapatan ng Diyos at higit siyang pinu-
puri ng aking kasinungalingan, maitutu-
ring ba akong makasalanan?

– 8 Kaya gumawa tayo ng masama
upang sapitin ang mabuti! May nagsasabi
nga na ito ang aming itinuturo, pero
mananagot sila sa kasinungalingang ito.

9 Ano ba? Mas mabuti ba tayong mga
Judio? Hindi! Pinatunayan nga namin na
nasa ilalim ng kasalanan ang lahat, Judio
man o Griyego, 10 ayon sa nasusulat:
*Walang matuwid, ni isa man.*

11 *Walang nakauunawa, walang nag-*
*hahanap sa Diyos.* 12 *Naligaw ang lahat,*
*magkakasama silang nabulok. Walang*
*gumagawa ng mabuti, ni isa man.*

13 *Libingang bukas ang kanilang*
*lalamunan at magaling magsinungaling*
*ang kanilang dila. Kamandag ng ahas*
*ang nasa ilalim ng kanilang mga labi.*
14 *Puno ng sumpa at pait ang kanilang*
*bibig.*

15 *Nagmamadali ang kanilang mga paa*
*sa pagpapadanak ng dugo.* 16 *Sa pagdaan*
*nila'y dahas at paghihirap ang iniiwan.*
17 *Hindi nila alam ang daan ng Kapaya-*
*paan.* 18 *Hinding-hindi nila naalala ang*
*Diyos at di siya kinatakutan.*

19 Alam nga natin na nasa ilalim ng
Batas ang sinasabihan ng Batas. Kaya
tumahimik ang lahat sapagkat maysala
ang buong daigdig sa harap ng Diyos.
20 *Wala ngang magiging matuwid sa*
*harap niya* batay sa mga gawang iniutos
ng Batas. Pagkakilala sa kasalanan – ito
ang mula sa Batas.

---

• **3.1** *Pinatunayan nga namin na nasa ilalim ng kasalanan ang lahat* (9). Ito ang pinakasentrong pangungusap ng talata. Tulad ng iba, sa pananampalataya dapat umasa ang mga Judio at magbagumbuhay. Ngunit mahirap nila itong maunawaan dahil mula't mula pa'y sumasampalataya na sila. Iniisip nilang mabuti sila at mga tunay na mananampalataya dahil pinalaki sila at inaralan sa pananampalataya. Dahil lamang taglay nila sa kanilang katawan ang tatak ng pagtutuli, nananalig silang ligtas na sila.

*Ano ang kahigtan ng Judio?* Ito marahil ang itatanong ng mga Judio sa pagkarinig nila sa kaligtasang alok sa mga hindi nakaaalam sa Batas o sa relihiyong itinuro ng Diyos. Ganito rin ang tanong ng mga Kristiyano ngayon sa sandaling hindi na sila naniniwala na pupunta sa impiyerno ang sinumang nabubuhay nang walang Kristo at Iglesya. At iniisip nilang "Napakasuwerte sana natin kung katulad nila tayo: maliligtas pala tayo nang hindi kailangang sumunod sa mabigat na moralidad ng buhay-Kristiyano!" Walang kalamangang nakikita si Pablo para sa Judio, at gayundin tayo para sa Kristiyano, liban sa responsabilidad: *sa kanila ipinagkatiwala ng Diyos ang kanyang mga salita.*

Kaya sa pamamagitan ng ating binyag, nagiging bahagi tayo ng isang maliit na "bayan ng Diyos" na pinagkakatiwalaan ng Diyos ng misyon sa daigdig, kasama ng maraming iba pa na pumupunta sa Diyos nang walang alam sa kanyang mga lihim at sa kanyang Kristo. Hindi garantiya ang binyag para maramdaman nating mas magaling tayo kaysa iba.

*Pagkakilala sa kasalanan – ito ang mula sa Batas* (20). Kalipunan ng mga batas sa relihiyon, pagsamba, moralidad at lipunan ng bayang Israel ang Batas ng mga Judio o Batas ni Moises (basahin 7:4). Sa mga sulat ni Pablo, kung minsa'y ang biblia ang tinutukoy ng *Batas,* at kung minsan nama'y ang relihiyon ng mga Judio. Iniisip ng maraming Judio noon na may gantimpala silang matatanggap sa pagtupad sa Batas pero sinasabi naman ni Pablo na hindi bunga ng ating mga gawa ni gantimpala sa mga ito ang tunay na kabanalan.

**Pananampalataya ang daan ng kaligtasan**

• [21] Ngayon naman, hiwalay sa Batas,
nahayag kung paano tayong ginagawang
matuwid at banal ng Diyos, at nasusulat
na ito sa Batas at sa mga Propeta. [22] Sa
pamamagitan ng paniniwala kay Jesu-
cristo, ginagawang matuwid ng Diyos ang
lahat ng sumasampalataya. Wala nang
pagtatangi, [23] sapagkat nagkasala ang
lahat at pinagkakaitan sila ng kaluwal-
hatian ng Diyos. [24] At nagiging matuwid at
banal naman sila sa kagandahang-loob
ng Diyos sa bisa ng pagtubos na na kay
Kristo Jesus. [25] Ginawa siyang hain ng
Diyos para sa kasalanan sa bisa ng pag-
sampalataya sa kanyang dugo.

At ipinakikita niya kung paano niya
tayo ginagawang matuwid at banal.
Pinapatawad niya ang dating mga kasala-
nan [26] na pinabayaan ng Diyos hanggang
ngayon. At ngayon ipinakikita niya kung
paano niya tayo ginagawang matuwid, at
kung paanong siya mismo ay matuwid at
banal – siya na nagpapaging matuwid sa
pamamagitan ng paniniwala kay Jesus.

[27] Ano ang ipagmamalaki mo ngayon?
May nagsara ng iyong bibig. At ano ang
nagsara? Ang Batas ba tungkol sa mga
gawa? Hindi, kundi ang batas ng pana-
nampalataya. [28] Sinasabi nga namin na sa
pananampalataya nagiging banal ang tao
at hindi batay sa gawang hinihingi ng
Batas. [29] Kung batay sa gawa, para
lamang sa mga Judio ang Diyos. Di ba't
siya'y para sa mga pagano rin? Siyempre,
Diyos din nila siya, [30] sapagkat iisa lang
ang Diyos; at ginagawa niyang matuwid
at banal ang bayan ng pagtutuli dahil sa
kanilang pananampalataya, at ang mga
bayang di-tuli sa pamamagitan naman ng
kanilang pananampalataya. [31] Pinawawa-
lang-bisa ba namin ang Batas sa pama-
magitan ng pananampalataya? Hindi!
Kundi inilalagay namin ang Batas sa
dapat nitong kalagyan.

---

• 21. Dalawang punto ang pinagtibay ni Pablo: nabubuhay sa kasalanan ang mundo; hindi sapat ang pagsunod sa Batas upang maligtas. Kayat ipinapahayag niya ang Magandang Balita: Dumating na ang Diyos upang iligtas tayo sa pamamagitan ni Kristo.

*Pinagkakaitan ang lahat ng kaluwalhatian ng Diyos.* Hindi nasisiyahan ang Diyos sa aktwal na katayuan ng tao, kahit nasisiyahan na ang tao sa kanyang kababawan. Tinatawag niya tayo upang makibahagi sa kanyang Kaluwalhatian – sa lahat ng kadakilaan, kasiyahan at kawalang-hanggang nasa kanya. Nilikha tayo ng Diyos upang makipag-isang-loob sa kanya, at sa kanyang pag-abot sa atin, iniuunat niya ang kanyang kamay at ginagawa tayong *matuwid* (21). Nasabi na natin sa 1:17 na kapag nagsasalita si Pablo ukol sa Katarungan o Pagkamatuwid ng Diyos tinutukoy niya ang paraan ng Diyos na ipabahagi sa atin ang kanyang sariling kabanalan.

Habang kinakaharap ngayon silang nag-aakalang karapat-dapat na sila sa harap ng Diyos dahil sa kanilang sariling pagsisikap, dahil tinutupad nila ang lahat ng mga utos, ganito ang sinasabi ni Pablo: Diyos ang nagpapatawad sa tao at tumatanggap bilang kaibigan niya. Ibinibigay ng Diyos sa tao ang kanyang sariling kaganapan at pag-ibig.

Nahihirapan si Pablo na ipaliwanag ang misteryo ng kaligtasan sa pamamagitan ng mga salitang relihiyoso sa panahong iyon. Lahat nito ay tumutukoy sa isang Diyos na marahas. Kababanggit lang niya tungkol sa katarungan ng Diyos, ngunit itinuro nga niya na ang katarungang ito, higit sa lahat, ay isang maawaing pakikisangkot upang gawin tayong banal. Binanggit din niya ang poot ng Diyos, ngunit ang bunga ng poot na ito ay pagdating ng Manliligtas. Sinabi niya sa atin ngayon na ginawang biktima si Kristo para mabayaran ang ating mga kasalanan; pero hindi natin dapat isipin na dahil sa galit, ipipilit ng Diyos na magdusa ang biktimang walang kasalanan. Diyos ang nagkakaloob ng biktima, at ipinahahayag ng pagdating ni Jesus ang kadakilaan ng pag-ibig ng Ama. Sa madaling sabi, binibigyan ni Pablo ng iba at bagong kahulugan ang mga salitang ito. Ang pan-diyos na pagbabalik ng katarungan ay hindi sa pagpaparusa kundi sa pagliligtas; sa pamamagitan ng pag-ibig nilulupig ng Diyos ang kasamaan sa paraang maliligtas pati silang hindi nakaunawa na inibig sila.

Marami sa mga Judio na naniwala kay Kristo ang nag-isip na makatutulong pa rin na ipagpatuloy ang mga relihiyosong atas sa Biblia, tulad ng pagtutuli, pangingilin sa sabado, paglilinis, atbp. (Col 2:16), at gusto nilang gayon din ang gawin ng mga paganong nananampalataya. Tinanggihan ito ni Pablo pagkat may dalawang bahagi ang Batas. Sa isang banda, ito ang makadiyos na turo para sa pamumuhay ng lahat ng tao: kung paano makikilala ang Diyos, na huwag kang papatay, atbp... at sa kabila naman, Batas ito ng mga Judio, taglay ang sarili nitong pagpapahalaga, rito at kaugalian, na di tulad sa ibang bansa. At sapagkat ang Diyos ay Diyos ng lahat ng bansa, hindi niya pipiliting iwanan ang kanilang sariling kultura at mamuhay na parang mga Judio rin sila.

### Si Abraham ang ama ng mga makatarungan

**4** • 1 Ano naman ang napala ni Abraham na una nating ama? 2 Kung dahil sa mga gawa naging matuwid at banal si Abraham, may maipagmamalaki siya. Pero wala siyang maipagmamalaki sa harap ng Diyos. 3 Ano nga ba ang nasusulat? *Nananalig sa Diyos si Abraham at dahil dito kaya siya kinilalang matuwid.*

4 Kung may nagtatrabaho, binabayaran siya, hindi bilang pagkilala kundi bilang karapatan niya. 5 Ngunit kung may walang anumang ginawa kundi manalig lamang sa Diyos na nagpapaging matuwid sa makasalanan, kinikilala ang kanyang pananampalataya para gawin siyang matuwid. 6 Gayon din ang sinabi ni David na mapalad ang kinikilalang matuwid ng Diyos, di ayon sa mga gawa: 7 *Mapalad sila na ang kanilang kasamaa'y inalis, at pinawi ang kanilang kasalanan.* 8 *Mapalad ang tao na ang kasalana'y di na kinikilala ng Panginoon.*

9 Para kanino ang pagpapalang ito? Para sa mga tuli lang ba o para rin sa mga di-tuli? Alalahanin natin na *Kinilala ang pananampalataya ni Abraham at ginawa siyang matuwid.* 10 Kailan nga ba ito kinilala? Noong tuli na siya o noong hindi pa? Hindi pa siya tuli at tinanggap niya ang pagtutuli bilang tanda at tatak ng kanyang pananampalataya noong di pa siya tuli. 11 Kaya naging ama siya ng lahat ng paganong di-tuli, ngunit may pananampalataya na kinikilala upang gawin silang matuwid. 12 At naging ama rin siya ng mga tuli na hindi tuli lamang kundi sumusunod sa halimbawa ng pananampalataya ng ating amang si Abraham noong di pa siya tuli.

13 Hindi rin batay sa Batas ang pangako kay Abraham, na mamanahin ng kanyang lahi ang daigdig, kundi sa kabanalang bunga ng pananampalataya. 14 Kung batay sa Batas ang pagiging tagapagmana, balewala ang pananampalataya at wala ring bisa ang pangako. 15 Sapagkat paghatol lamang ang bunga ng Batas – at kung walang Batas, wala rin sanang paglabag. 16 Kaya pananampalataya ang daan, at regalo lamang ang lahat; kaya nagkakatotoo ang pangako para sa buong lahi ni Abraham. Hindi lamang para sa lahi ni Abraham sa pagtutuli kundi sa pananampalataya rin niya – ama nating lahat siya.

17 Sinasabi sa Kasulatan: *Ginawa kitang ama ng maraming bansa.* Ama natin siya sa harap ng Diyos na kanyang sinampalatayanan, ang Diyos na bumubuhay sa mga patay at tumatawag sa mga wala pa na parang naroon na ang mga ito.

18 Umasa nga siya sa kabila ng kawalang-pag-asa, at naging ama siya ng

---

• **4.**1 Ipinakikiusap ni Pablo sa kanyang mga kapatid na Judio na balikan ang pinagmulan ng pagbubunyag. Bago pa man ibinigay ang Batas kay Moises, naroon na ang pananampalataya ni Abraham. Kaya kapwa mas pangunahin at panlahat ang pananampalataya. Isang uri naman ng relihiyon ang *Batas*, na angkop sa mga Judio, at may halaga lamang para sa isang yugto ng kanilang kasaysayan. Itinatanong niya: "Paano naging kaibigan ng Diyos si Abraham at ba't siya ginawang huwaran ng mga sumasampalataya? Dahil ba naniwala siya sa mga pangako ng Diyos o dahil sa pagtanggap niya sa seremonya ng pagtutuli?" Tulad ito ng pagtatanong sa isang Kristiyano ngayon: "Ano ang mahalaga: sumampalataya kay Kristo o magpabinyag?"

Malinaw ang sagot; nagiging kaibigan tayo ng Diyos sa paniniwala sa kanyang mga pangako. Pinagtitibay ng binyag sa pamamagitan ng tatak na makadiyos ang kaloob ng Diyos at ang ating tugon.

Samakatwid, ang binyag at ang iba pang mga sakramento ay mga "tanda" ng pananampalataya at wala itong halaga kung walang pananampalataya. Binyag ang simula ng ating pamumuhay para sa Diyos sa loob ng Kristiyanong komunidad. Walang kahulugan ang komunyon kung hindi tayo nabubuhay sa pagkakaisa o nakikibahagi sa kapuspusan ng buhay ng Iglesya.

Dapat pansinin naman na hindi na gaanong pinagkakaabalahan ng mga Kristiyano ang mga rito at debosyon na sobrang pinahalagahan ng nakaraang mga henerasyon. Samantala, higit na binibigyan-diin ng mga kilusan sa pagpapanibago ang mas mahalaga: ang ating pananampalataya at pagsuko kay Kristo.

*Hindi siya nag-alinlangan kahit hindi na kayang*

maraming bansa ayon sa sinabing: *Ganito*
*ang magiging lahi mo.* 19 At hindi
nanghina ang kanyang pananampalataya
gayong hindi na makapagbibigay ng
buhay ang kanyang katawan – magsasan-
daangtaon na siya, at wala ring kaka-
yahang maglihi si Sara. 20 Hindi siya nag-
alinlangan sa pangako ng Diyos; sa halip,
pinalakas siya ng kanyang pananam-
palataya at binigyang-luwalhati ang Diyos
21 sa lubos niyang paniniwalang kung na-
ngako ang Diyos, matutupad din niya ito.
22 *Dahil dito kaya siya kinilalang matu-*
*wid.*
23 *Kinilala* ang sinasabi ng Kasulatan.
24 Hindi dahil lamang sa kanya ito sinasabi
kundi para sa atin na sumasampalataya
sa kanya na nagpabangon sa ating Pangi-
noong Jesus mula sa mga patay. 25 Pina-
bayaan siya dahil sa ating mga kasalanan
at ibinangon upang tayo'y maging
matuwid at banal.

**Ngayo'y may kapayapaan tayo sa Diyos**

**5** • 1 Sa pananampalataya tayo naging
matuwid at may kapayapaan sa
Diyos sa pamamagitan ni Jesucristo na
ating Panginoon. 2 Sa pamamagitan niya
tayo pumasok sa kalagayang ito ng
pagpapala at buo ang ating loob dahil ang
kaluwalhatian ng Diyos ang ating ina-
asahan.
3 At buo rin ang ating loob maging sa
mga paghihirap, sapagkat alam nating
ang paghihirap ay nagbubunga ng tiyaga,
4 ang tiyaga ay nagbubunga ng katatagan,
at ang katatagan ay nagbubunga ng pag-
asa. 5 At di mabibigo ang ating pag-asa
sapagkat ibinigay na sa atin ang Espiritu
Santo na siyang nagbubuhos ng pagma-
mahal ng Diyos sa ating mga puso.
6 Tingnan ninyo kung kailan itinakdang
mamatay si Kristo alang-alang sa atin:
noong tayo'y makasalanan at walang
kakayanan. 7 Bihira ang mag-aalay ng
buhay para sa taong matuwid; may
mangangahas naman sigurong mag-alay
ng buhay alang-alang sa mabuting tao.
8 Pero tingnan ninyo kung paano ipina-
kikita ng Diyos ang kanyang pagmama-
hal sa atin: namatay si Kristo para sa atin
noong makasalanan pa tayo.
9 Yamang tayo'y naging matuwid at ba-

---

*magbigay-buhay ang kanyang katawan* (20). Sa gayon may pananampalataya si Abraham na tulad ng sa Kristiyanong naniniwala sa muling pagkabuhay ni Kristo. Hinihilingan din tayong manampalataya sa isang Diyos na nagbibigay-buhay at sa kanya ay walang hindi mangyayari.

*At wala ring bisa ang pangako* (14). Ipinapakita ni Pablo ang malaking panganib kapag hiningi natin sa Diyos na tingnan ang ating mabubuting gawa at katangian. Kung hihingin nating gantimpalaan niya tayo tulad ng ginagawa ng tao, maipakikita niya sa atin ang ating maraming kasalanan, at makaaalis tayong walang dala.

• **5.1** Sa talatang ito, ibinabahagi ni Pablo ang sariling karanasan para tulungan tayong madiskubre ang mga pagbabago sa ating buhay sa sandaling malampasan natin ang *Batas* o para sa ati'y ang anumang relihiyon.

Sa simula'y nakakadama tayo ng kapayapaan ng kalooban: *may kapayapaan tayo sa Diyos* (1). Maaaring maganda na nga dati ang pakiramdam natin, walang kasalanan at walang utang kaninuman. Ngunit ipinakikita ng kapayapaang nadidiskubre natin ngayon ang dati nating kahungkagan: iba tayo sa Diyos, at iba rin tayo sa kung anong bahagi ng ating pagkatao. Ngayon lamang natin ito namamalayan, at ano ang pinaniniwalaan natin? Ang personal na pag-ibig ng Diyos sa atin at ito ang nakikita natin sa pagkamatay at pagkabuhay ni Jesus.

*Sa pamamagitan niya tayo pumasok sa kalagayang ito ng pagpapala* (2). Hindi natin kailangang "maramdaman" na nasa kalagayang ito tayo, at mali kung maghahanap tayo ng isang grupo kung saan natin "mararamdaman" ang Diyos. Isang uri ito ng pagbibigay-kasiyahan sa sarili, at hindi ganito ang paraan ng mga tunay na kaibigan ng Diyos. Hindi pagkakita o pagkadama ang ibig sabihin nito kundi pagsampalataya sa ginagawa ng Diyos. Ngunit napakarami pa ring mga pagkakataon na mamamalayan nating nasa atin nga ang Diyos. Nakipaglaban nang husto si Pablo para kay Kristo at sinasabi niyang sa mga pagsubok madidiskubre ang kapangyarihan ni Kristo na gumagawa sa atin at ginagawa tayong ganap (2 Cor 12:9).

*Buo ang ating loob dahil ang kaluwalhatian ng Diyos ang ating inaasahan* (2). Ang malaking pag-asa ng mga Kristiyano, na lingid sa mga hindi pa nakakatagpo kay Kristo, ang katiyakan ng hantungang higit pa sa anumang maaaring isipin, asahan, danasin ng mga dakilang pantas at mistiko ng lahat ng relihiyon: ang ganap na pakikipagbuklod sa Diyos mismo.

nal sa bisa ng kanyang dugo, mas tiyak tayong maliligtas sa paghatol sa pamamagitan niya. [10] Yamang ipinagkasundo tayo sa Diyos sa bisa ng kamatayan ng kanyang Anak noong kaaway pa tayo ng Diyos, mas tiyak tayong maliligtas sa bisa ng kanyang buhay ngayong naipagkasundo na tayo. [11] At isa pa'y buong puso tayong nananalig sa Diyos dahil kay Jesucristo na sa pamamagitan niya, nakamit natin ang pakikipagkasundo.

**Si Adan at si Jesucristo**

• [12] Sa pamamagitan ng iisang tao pumasok ang kasalanan sa daigdig; at sa pamamagitan ng kasalanan, ang kamatayan. At umabot ang kamatayan sa lahat ng tao dahil nagkasala ang lahat. [13] Nasa daigdig na ang kasalanan, pero wala pang matatawag na paglabag dahil wala pang Batas. [14] Kaya mula kay Adan hanggang kay Moises, napailalim sa kamatayan maging ang mga hindi nagkasala dahil sa

---

*Di mabibigo ang umaasa.* Nanatili sa pansamantala ang sambayanan ng Matandang Tipan habang hinihintay ang ganap na katotohanan at katarungan. Ngayon nama'y nararanasan na ng Kristiyano ang lubos niyang tatamasahin balang araw. *Ibinuhos na sa ating mga puso* (5) ang kung anong sarap o halimuyak ng Diyos, at ito ang kapayapaang ipinagkakaloob sa atin ng Diyos sa pagdating sa atin ng kanyang Espiritu.

*Namatay si Kristo alang-alang sa ating mga di-makadiyos* (6). Sanay na tayong marinig ang tungkol sa pagkamatay ni Kristo para sa ating mga kasalanan. At kadalasan nama'y wala itong dating sa atin dahil parang napakalayo sa atin ng kanyang sakripisyo at parang hindi ito totoo. Pero sa sandaling maunawaan natin ito sa biyaya ng Diyos, dagling bumubukal ang pag-ibig mula sa ating mga puso. Sinusuklian natin ng kapwa pag-ibig ang pag-ibig: ito ang simula ng tunay na kumbersyon.

*Tayo'y naging matuwid at banal sa bisa ng kanyang dugo* (9). Tiyakang sinasabi ng teksto: *Pinaging-matuwid tayo*. Kailangan ba ang dugo ni Kristo? Sinabi natin tungkol sa 3:25 na mga salitang panrelihiyon ng kanyang panahon ang ginagamit ni Pablo: para sa mga Judio, nakakamit ang kapatawaran ng mga kasalanan sa pamamagitan ng dugo ng mga inialay na hayop bilang sakripisyo. Sinabi na ng mga propeta na bale-wala ang pag-agos ng dugo mula sa Templo kung walang pagsunod sa Diyos. Naunawaan ng ilan na mga pagdurusa at paghamak sa tapat at maliit na bahagi ng bayan ng Diyos (Is 52:13) ang tunay na sakripisyong siyang daan sa pakikipagbalikan ng mundo sa Diyos. Ang mga pagdurusa at pagkamatay ng mga walang-sala ang daan ng kaligtasan ng mundo, at kailangang tanggapin ng bayan ng Diyos na mapabilang ito sa mga biktima ng karahasan. Kayat bahagi ng lengguwahe ng Diyos at ng karanasan ng tao ang marahas na pagkamatay at ang dugong ibinuhos ni Jesus. Alam na alam ito ni Pablo, siya na nakiisa sa pagpatay kay Esteban (Gawa 22:20).

• 12. Unawain natin dito ang pag-iisip ni Pablo na kanyang ipinaliliwanag ngayon. Sa unang dalawang kabanata, ipinakita niya na kung walang pananampalataya kay Kristo, mamumuhay sa sala ang tao pati na ang mga Judiong tumanggap ng salita ng Diyos. Sinabi rin niya na hindi pagsunod sa batas ang naghahatid ng kaligtasan kundi tanging pananampalataya lamang. Ipinakikipagbalikan tayo sa Diyos ng pananampalataya, at inihahatid tayo sa pakikipagkaibigan sa Diyos na pumapatnubay sa atin sa hantungan ng lahat ng buhay – ang makibahagi sa "Luwalhati" ng Diyos o sa kanyang buhay magpakailanman.

Pinalalawak naman ngayon ni Pablo ang kanyang tingin. Dumating si Jesus hindi lamang para ipakipagbalikan ang mga makasalanan, ang maraming makasalanan, kundi para iligtas nang buo ang sangkatauhan. Sa ating pananalita ngayon, masasabi nating dumating siya para iligtas ang kasaysayan ng tao; at sa pananalita naman ng biblia, dumating siya para iligtas si "Adan."

Para kay Pablo, tulad sa mga Judio na kanyang panahon, ang unang taong nilikha ng Diyos at ang buong sangkatauhan ang ibig sabihin ng Adan. Iisa lamang ang mga anak ni Adan at si Adan na kanilang pinagmulan. Mula nga sa simula ng sangkatauhan hanggang sa kasalukuyang salinlahi, iisang Adan lamang ang buháy – walang tiwala, rebelde at marahas.

*Sa pamamagitan ng isang tao, pumasok ang kasalanan sa daigdig.* Ang salaysay ng Genesis ang tinutukoy dito ni Pablo pero hindi para igiit tulad ng gagawin ng mga susunod sa kanya ang kasalanang ginawa ng unang tao. Sa totoo'y walang sinabi si Jesus tungkol sa kasalanang ito, at tahimik naman ang Kasulatan tungkol dito (basahin Kar 10:2; Sir 49:12). Gustong ipakita rito ni Pablo na may dalawang klase ng pagkakabuklod na may epekto sa atin: kay Adan, makasalanan ang lahat ng tao; kay Kristo, ipinakipagbalikan tayong lahat. Nilikha ng Diyos ang mundo at dinalaw ito para iligtas nang buo ang sangkatauhan na kaisa ni Kristo. Ito ang dahilan kaya pinagtatapat ni Pablo ang unang magulang mula sa matatandang tradisyon at ang pinakauna sa plano ng Diyos. Ngunit kung nananatiling mahiwaga ang papel ng unang ninuno, malinaw namang sinasabi ni Pablo na hindi likas na palagay ang loob ng sangkatauhan sa Diyos, at hindi nito mararating ang kanyang hantungan hangga't hindi ito inililigtas ni Kristo.

Hindi natin sinasabing masama ang kalikasan ng tao: ang Diyos ang lumikha nito. Makabubuti sigurong alalahanin na sa kasaysayan ng Kanluraning daigdig, nagkaroon ng malalaking kontrobersya tungkol sa kasalanang orihinal noong ika-16 at ika-17 dantaon.

paglabag sa utos – gaya ni Adan – na
siyang anino lamang ng ibang darating na
Adan.
15 Ganyan ang pagkadapa. Ngunit
walang kaparis ang bisa ng kaloob ng
Diyos. Namatay ang lahat dahil sa kasa-
lanan ng isa lamang; ngunit mas
dumadami pa ang regalo ng Diyos, ang
masaganang libreng kaloob na umabot sa
napakaraming tao mula sa isang tao na si
Jesucristo. 16 Noo'y may isang maka-
salanan lamang. Mas malawak naman
ang kaloob. Mula sa isang hinatulan ang
paghatol, ngunit ngayon, marami ang
mga makasalanang naging matuwid.
17 Iisa ang nagkasala noon, at mula sa iisa
lamang naghari ang kamatayan, ngunit
ngayon, kay sagana ng kaloob na regalo
ng kabanalang tinatanggap ng mga
maghahari sa kaharian ng buhay sa
pamamagitan ng iisang Jesucristo!
18 Nauwi nga sa paghatol sa lahat ng
tao ang kasalanan ng isang tao; gayon din
naman mauuwi sa kabanalan at buhay
para sa lahat ng tao ang banal na gawa ng
isang tao. 19 Maraming nailagay sa kasa-
lanan bunga ng pagsuway ng isang tao;
marami rin naman ang ginagawang ma-
tuwid dahil sa pagsunod ng isang tao.
20 Pagkatapos ay pumasok naman ang
Batas at ito ang nagparami ng kasalanan;
subalit saan man dumami ang kasalanan,
doon naman mas nanagana ang kaloob
ng Diyos. 21 At kung paano itinatag ng

---

Kung anu-anong mga kabal-balan ang sinasabi noon (na hinatulan daw ng Diyos na mapasa-impiyerno ang lahat ng tao dahil sa kasalanan ni Adan)! Ito ang nagbigay-daan sa agresibong uri ng ateismo sa hangad na maiwaksi ang gayong kapritsoso at masamang Diyos. At pagkatapos ay nabuo naman ang pahayag na ipinanganak na mabuti ang tao at ang lipunan ang may kasalanan sa pagiging masama nito.

Sinasabi ng turo ng mga apostol na hindi buo ang sangkatauhan. At para mailahad sa atin ang ganitong kalagayan, may dalawang katagang ginagamit si Juan: "ang mundo" at "ang pinuno ng mundong ito," o ang diyablo (basahin ang paliwanag sa Juan 3:16 at 1 Juan 2:15). *Kasalanan* naman ang salitang gagamitin ni Pablo. Sa talatang ito, ang kabuuan ng mga puwersang nagkukulong sa sangkatauhan at naghahatid dito sa masama ang ibig sabihin ng kasalanan. Hindi tayo lubos na mananagot sa mga kasalanang nagagawa natin pag minsan na hindi naman natin talagang kinukusa (7:16-24), at patunay ito ng ating pagkaalipin at pagiging di-buo. At nagsisimula si Kasalanan sa ating kahirapang makilala ang katotohanan at humatol ayon sa katotohanan.

*Na siyang naging anino lamang ng ibang darating na Adan* (14). Sa larawan ng tadhana ng tao na ipinapakita sa Genesis (kab. 2 at 3), itinatapat ni Pablo ang ibang larawan, ang larawan ni Kristong ipinako. Sa tagpo ng kasalanan sa tabi ng ipinagbabawal na puno, itinatapat naman ni Pablo ang katuparan ng pagtubos sa "puno" ng krus. May tatlong tauhan sa unang tagpo: ang Tao (Adan), Kasalanan (ahas), Kamatayan. May apat naman sa ikalawang tagpo: ang Tao (Kristo), Kasalanan, Kamatayan at Katarungan (o ang buhay na bago at banal).

*Higit naman ang kaloob kaysa kasalanan* (16). Lumalaki araw-araw ang pinsalang dulot ng kasalanan; minsan, pinanghihinaan na tayo ng loob at parang wala na tayong lakas dahil sa laganap na kapangyarihan ng kasamaan. Ngunit nakikita pa rin ni Pablo ang kadakilaan ng kaloob ng Diyos: samantalang dumarami ang tao at pinapasok ng kasalanan ang lahat ng bahagi ng buhay, tumatawag naman ang Diyos ng mas maraming tao upang palayain sila mula sa pang-aalipin ng kasalanan.

May higit pa rito. Sa talatang ito na medyo masalimuot, ipinahihiwatig ni Pablo na may higit pang nagagawa ang pagtubos ni Kristo kaysa pagtutuwid lamang ng mga kamalian ng tao. Hindi nasisiyahan ang Diyos sa pagtulong at pagpapabuti lamang sa atin. Matapos pasimulan ang pagbabangon sa tao, inaanyayahan niya silang maghari sa buhay, ibig sabihi'y makibahagi sa kanyang Kaluwalhatian.

*Kay sagana ng kaloob na regalo ng kabanalang tinatanggap* (17). Lahat tayo'y niyayakap ni Kristo, tinitipon tayo sa kanyang sakripisyo at nagiging ulo siya ng sangkatauhan. Maaaring iniisip lamang ni Pablo ang kaligtasan ng lahat ng nakarinig sa Ebanghelyo, nanampalataya kay Kristo at pumasok sa Iglesya. Ngunit tingnan kung paano niya pinagdidiinan na ang inililigtas ni Kristo ay isang daigdig ng mga makasalanan. Si Kristo ang bagong Adan, at siya ang ulo hindi lamang ng mga nananampalataya kundi ng sangkatauhan din. Patuloy pa ring naaakit ang tao sa agos ng kasalanang nagmula kay Adan. Ngunit inililigtas din nang buo ang sangkatauhan, habang sila'y mga taong umaalalay sa kanilang mga kapatid. Ang di gumaganap ng ganitong tungkulin ay di maliligtas, sapagkat ang kasalanan, sa iba't iba mang paraan, ay ang pagbukod sa ating kapwa.

*Ang Batas ang nagparami ng kasalanan* (20). Ang batas na ibinigay sa mga Judio ay naging pagkakataon para sa mas maraming kasalanan dahil alam nila ang kanilang tungkulin ngunit hindi nila ito tinupad. Hindi sapat ang mga batas upang pasunurin ang tao sa Diyos. Kapag mga batas lamang ang ibinigay at walang pag-ibig, sinusuway ito sa halip na sundin ng bata man o matanda.

kasalanan ang kanyang paghahari na ka-
matayan din, gayon din naman kaila-
ngang itatag ng grasya ang kanyang pag-
hahari sa pamamagitan ng kabanalan at
maghatid sa buhay na walang hanggan –
sa pamamagitan ni Jesucristong ating
Panginoon.

**Sa binyag, namatay tayong kasama ni Kristo**

**6** • 1 Ano ngayon ang masasabi natin?
Mananatili ba kayo sa kasalanan
para sumagana ang kaloob ng Diyos?
2 Hindi! Patay na tayo para sa kasalanan;
huwag na tayong mabuhay pa para sa
kanya.
3 Alam ninyo na lahat ng bininyagan
para mabuklod kay Kristo ay bininyagan
at inilubog sa kanyang kamatayan. 4 Sa
binyag tayo nalibing kasama ni Kristo, at
kung paanong mula sa mga patay, ay
ibinangon si Kristo ng luwalhati ng Ama,
gayon din naman tayo magbabagong-
buhay. 5 Nailarawan na ang pagkahug-
pong natin sa kanya sa kanyang kama-
tayan; tularan naman natin ang kanyang
muling pagkabuhay.

• 6 Alam ninyo na ipinako kasama niya
sa krus ang lumang taong nasa atin upang
mawala na ang katawang ari ng kasala-
nan, at hindi na natin paglingkuran ang
kasalanan. 7 Kung patay na nga ang sinu-
man, hindi na siya sakop ng kasalanan.
8 Ngunit kung kasama naman tayong
namatay ni Kristo, dapat tayong mani-
wala na mabubuhay rin tayong kasama
niya. 9 Alam natin na hindi na mamama-
tay si Kristo matapos ibangon. Wala nang
kapangyarihan sa kanya ang kamatayan.
10 Namatay na siya nang minsanan para
sa kasalanan; pero buhay na siyang muli,
at para sa Diyos ang buhay niya. 11 Kayat
ipalagay ninyo na kayo'y mga patay na
para sa kasalanan at mga buhay naman
para sa Diyos kay Kristo Jesus.
12 Huwag na sanang maghari ang
kasalanan sa inyong katawan – patay na
nga ito! Huwag ninyong sundin ang kan-
yang mga pagnanasa. 13 Huwag ninyong

---

• **6.**1 *Mga patay nga tayo ngayon sa kasalanan* (2). Maaaring magkamali tayo ng pag-intindi kung sasabihin nating nahigitan na ang Batas. Hindi natin ibig sabihin na mula ngayo'y ang katutubong ugali natin ang ating paiiralin. Pinalaya na tayo mula sa kalagayang waring ang Batas ang nakapangyayari sa lahat pero sa katunaya'y nagkaroon sa atin ng kasabwat ang kasalanan: ang kawalan ng tiwala sa Diyos. *Patay sa kasalanan:* ibig sabihi'y wala na tayong reaksyon sa kasalanan. *Patay:* ito nga ang tamang salita dahil ganap na hakbang ito, na lubos na nakaugnay sa pagkamatay ni Kristo. Ang mamatay kasama niya upang bumangong kasama niya: ito ang kahulugan ng binyag.

Sa simula ng Iglesya, mga may-edad na ang karaniwang binibinyagan. Naipahayag na sa kanila ang ebanghelyo at naitalaga na nila ang sarili sa pamayanan ng banal na bayan ng Diyos. Kasunod ng kumbersyon ang binyag. Sa pangungusap ni Pablo tungkol sa binyag, kailangang intindihin natin na nakapaloob dito ang kabuuan ng paglalakbay sa kumbersyon, pati na ang katekesis, inisyasyon sa buhay-Kristiyano. Dahil kung hindi, magiging seremonya lamang ang binyag.

• 6. *Kayat ipalagay ninyo...* Maliwanag na hindi tayo agad ginagawang perpekto ng binyag, kahit na tinanggap natin ito nang may pananampalataya. Sapat na ba para sa atin na mga kautusan ang pagtuunan ng pansin? Paano kung hindi tayo makagalaw dahil sa takot sa tukso at mga pang-araw-araw nating kahinaan? Mahirap kung kokonsiyensyahin tayo sa bagay na wala naman tayong nagagawang pagkakasala. May ibang mungkahi si Pablo: mahalaga para sa atin ang makitang hindi tayo hawak ng kasalanan. Kay Kristo matutuon ang ating paningin sapagkat alam nating sa kanya tayo at siya mismo ang bumabago sa atin. Mas makabubuti para sa atin ang ganitong ugaling "bahala na" kaysa maging nerbiyoso. Ganito rin ang payo ni Santa Teresita ng Lisieux sa mga nag-iisip na hindi nila kayang gumawa ng malalaking bagay. *Huwag na sanang maghari ang kasalanan sa inyong katawan* (12). Kahit alam ng nananampalataya na buung-buo na silang kay Kristo, nagkakasala pa rin sila araw-araw. Ngunit hindi inaagaw ng kanilang kasalanan ang pinakamahalaga, ang pagtitiwala sa Ama na tumutulong sa kanilang bumangon sa bawat pagkadapa (1 Juan 2:1). Alam nilang makasalanan sila at habang panahong magiging makasalanang pinatatawad ng Diyos, basta't patuloy rin silang magnanasang magbago at magpakabuti. Nakakamit natin ang kalayaan araw-araw sa kusang pagsuko sa mga hinihingi ng mas mabuting pamumuhay.

Sa panahon ni Pablo, may mga alipin na ipinapasa ng mga may-ari sa iba. At maaari namang ipagbili ng

ipagamit para sa masama ang inyong
mga sandata na inyong katawan. Buhay
na kayo na dating mga patay, kaya ialay
ninyo ang inyong sarili sa Diyos; ipagamit
ninyo para sa kabanalan ang inyong mga
sandata na inyong katawan. [14] Hindi na
maghahari sa inyo ang kasalanan sapag-
kat wala na kayo sa ilalim ng Batas, kundi
nasa ilalim na ng kagandahang-loob.

[15] Pero puwede na ba tayong gumawa
ng kasalanan dahil nasa ilalim tayo ng
kagandahang-loob at hindi sa ilalim ng
Batas? Hindi! [16] Alam ninyo na kung may
magbenta ng sarili bilang utusang alipin,
nagiging alipin siya ng nag-uutos sa
kanya. Kung kasalanan ang inyong sinu-
sunod, mamamatay kayo; ngunit kung
banal na pagsunod naman, magiging ba-
nal kayo.

[17] Subalit salamat sa Diyos! Dati'y na-
ging alipin kayo ng kasalanan, pero
ngayo'y buong puso ninyong sinunod ang
*aral* na parang bagong amo ninyo.
[18] Lumaya kayo mula sa kasalanan at
naging alipin ng kabanalan. [19] Nagsasalita
ako nang simple dahil baka mapurol ang
isip ninyo. Dati'y ipinaalipin ninyo ang
inyong mga katawan para maglingkod sa
kahalayan at kasamaan, at para gumawa
ng masama; at ngayo'y ipinaalipin naman
ninyo ang inyong mga katawan para
maglingkod sa pagkamatuwid, at para
maging banal. [20] Alipin kayo ng kasalanan
noon, at wala sa sakop ng pagkamatuwid.

[21] At ano ang napala ninyo sa mga
bagay na ikinahihiya ninyo ngayon? Ka-
matayan ang wakas ng mga ito. [22] Ngunit
ngayo'y lumaya kayo mula sa kasalanan
at nagpaalipin sa Diyos; pagiging banal
ang inyong pakinabang ngayon, at buhay
na walang hanggan ang wakas nito.
[23] Kamatayan ang pasuweldo ng kasala-
nan; pero regalo ang galing sa Diyos:
buhay na walang hanggan kay Kristo
Jesus na ating Panginoon.

**Ang Kristiyano ay hindi sakop ng relihiyong Judio**

**7** • [1] Mga kapatid, nagsasalita ako
sa mga may-alam sa Batas. Alam
ninyo na nasa ilalim ng Batas ang tao
habang nabubuhay lamang siya. [2] Sa bisa
ng Batas, ibinigkis ang maybahay sa kan-
yang asawa habang nabubuhay ito.
Pagkamatay ng lalaki, nawawala ang
tungkulin ng babae sa lalaki. [3] Habang
buhay pa ito, sinasabing nakikiapid ang
babae sa pagpisan sa ibang lalaki; ngunit
pagkamatay ng lalaki, lumalaya sa tung-
kulin ang babae at hindi siya nakikiapid sa
pagsama sa ibang lalaki.

---

isang taong malaya ang kanyang sarili bilang bayad sa kanyang utang. Itinuturo ng paghahambing ni Pablo na mapagpakumbaba tayong magpaubaya sa Espiritu, bilang mga alipin na hindi nagmamay-ari sa sariling katauhan. Tingnan muna natin kung ano ang ipinapayo ng Espiritu bago gumawa ng anumang pasya.

Sa panlabas, maaaring tingnan ang buhay ng Kristiyano na parang buhay-alipin. Ngunit alam at dama ng Kristiyano na siya'y malaya. Ang pinakamagandang halimbawa ay ang isang ina na nakalaan sa anak niyang may sakit. Malayang-malaya siya sapagkat wala siyang ibang batas kundi ang kanyang pag-ibig.

• **7.1** *Ipinakita ng nakaraang kabanata si Kristong nagpapalaya sa atin mula sa kasalanan at kamatayan at nagiging kaisa-isa nating panginoon. Maitatanong ngayon ng mga Kristiyanong Judio: Paano naman ang Batas sa Lumang Tipan? Wala na ba itong halaga? Hindi ba't Diyos din mismo ang nagbigay nito?*

*Naging patay kayo sa Batas* (4). Pansamantala ang Batas: nagwakas ang panahon ng Batas sa pagkamatay ni Kristo. Dito natin makikita ang isa sa mahahalagang pananaw ni Pablo. Parang isang simpleng pangyayari lamang sa magulong kasaysayan ng bayan ng mga Judio na nasa ilalim ng mga Romano ang pagkamatay ni Jesus. Ngunit higit pa ito sa pagbabago ng takbo ng kasaysayan ng mundo. Una rito'y ang panahon bago sumapit ang sangkatauhan sa kahustuhang-gulang; at pagkatapos naman nito'y ang panahon na makakakilos ang Diyos at makapagpapakilala nang lubos at buong-linaw (Gal 4). Ang pagkamatay ni Jesus ang hudyat ng pagkamatay ng matandang kasaysayan. Hindi lamang isa sa maraming posibilidad ang paraan ng mga Kristiyano sa pagbilang ng mga taon mula sa pagkamatay ni Jesus kundi tugon ito sa isang realidad.

4 Gayundin kayo, mga kapatid. Kay
Kristo at kasama ng kanyang katawan,
naging patay kayo para sa Batas, at napa-
saiba kayo, sa kanya na ibinangon mula
sa mga patay upang mamunga tayo para
sa Diyos. 5 Noong nabubuhay pa tayo
ayon sa laman, pinukaw ng Batas ang
makasalanang pagnanasa sa ating
katawan, na nagbunga ng kamatayan.
6 Ngunit patay na tayo ngayon para sa
nanggapos sa atin, at wala nang bisa sa
atin ang Batas. Kaya hindi na tayo dapat
magpaalipin ayon sa nasusulat na batas
na luma na, kundi sa espiritu na siyang
bago.

7 Ano ang kahulugan nito? Na kasala-
nan ang Batas? Hindi! Pero sa pamama-
gitan nga lamang ng Batas ko nalaman
ang kasalanan. Hindi ko sana nalaman
ang pagnanasa kung hindi sinabi ng Ba-
tas: *Huwag kang magnasa.* 8 Sinamantala
ito ng kasalanan at ginamit nito ang
kautusan para pukawin ang iba't ibang
pagnanasang nasa akin. Sapagkat ha-
bang walang Batas, patay ang kasalanan.
9 Nang wala pang Batas, buhay ako.
Subalit dumating ang Batas at nabuhay
ang kasalanan. 10 Namatay naman ako at
tingnan ninyo: pinatay ako ng kautusang
dapat maghatid ng buhay. 11 Sinamantala
ito ng kasalanan para linlangin ako at
patayin. 12 Kaya banal ang Batas, at ba-
nal, matuwid at mabuti ang kautusan.

13 Makapagdudulot ba sa akin ng
kamatayan ang mabuti? Hindi! Sa kasala-
nan ito galing. At alam natin na kasalanan
ang siyang nagdudulot ng kamatayan sa
pamamagitan ng mabuti; lubhang ma-
bigat ang sala ng kasalanan dahil sa
kautusan.

### Hinihidwa ang tao ng Batas na walang Kristo

• 14 Alam natin na espirituwal ang
Batas, ngunit laman naman ako at ipi-
nagbili sa kasalanan. 15 Hindi ko naiin-
tindihan ang aking ginagawa; hindi ko
ginagawa ang nais ko, at ang ayaw ko ang
siya kong ginagawa. 16 Dahil ginagawa ko
ang masama na ayaw ko, kinikilala ko na
mabuti ang Batas. 17 Hindi ako ang guma-
gawa nito, kundi ang kasalanang nana-
nahan sa akin. 18 Alam kong hindi nana-
nahan sa akin ang mabuti. Nasa akin ang
pagnanais ng mabuti, ngunit hindi ang
paggawa. 19 Hindi ko ginagawa ang

---

Hindi na obligadong sumunod ang mga binyagang Judio sa lahat ng kautusan ng Batas na ito na lubos na nakapangyayari. Marami nga sa mga utos ang may kinalaman sa katarungan at awa, at hindi dapat kaligtaan ang mga ito. Pero hindi relihiyon ng mga kautusan meron ang mga Kristiyano sapagkat sa pananampalataya kay Jesucristong tanging Tagapagligtas bumubukal ang lahat nating kilos.

*Patay na tayo ngayon para sa nanggapos sa atin* (6). Ang Batas ni Moises ang mahalagang regalo ng Diyos sa Israel, ngunit bahagi ito ng isang pansamantalang yugto habang hindi pa lubos na malaya ang sangkatauhan. Sa mga batas, mahihiwatigan ng mga Kristiyano ngayon kung ano ang kagustuhan ng Diyos pero nasa kanila pa rin ang pagpapasya para kumilos nang tama ayon sa tingin ng kanilang pananampalataya. Walang batas ni anumang kautusan ng relihiyon na makapangyayari sa matatag at maayos na konsiyensya. Mas maganda ang nagagawa ng maayos na pamumuhay kaysa anumang saligambatas ng relihiyon.

Tingnan ang ganito ring paksa sa 2 Cor 5:14: *kung namatay siya para sa lahat, namatay din kung gayon ang lahat.*

*Nang wala pang batas, buhay ako* (9). Mali namang isipin na sariling nakaraan ang tinutukoy ni Pablo. Ginagampanan lamang niya ang papel ng Tao (tingnan ang komentaryo sa 5:12-14). Ang ibang tauhan sa dula ay ang Kasalanan, ang Batas at ang Kamatayan.

Malinaw ang konklusyon para sa mga Judio: walang lakas ang Batas, kasama na ang mga utos, na baguhin ang tao. May bisa rin ang kongklusyon para sa atin. Maaaring matutuhan natin ang relihiyon na parang mga kautusan nang walang adhikain na hanapin si Jesus.

• 14. Inilalarawan ni Pablo ang kalagayan ng taong alam ang mga utos ngunit hindi kilala ang pag-ibig ng Diyos. Hindi siya malaya, kundi hati ang loob. May dalawang puwersang naglalabanan sa kanya: naroon ang Batas na nagsasabi sa kanya kung ano ang dapat gawin, at naroon din ang isa pang *batas sa kanyang laman*, sa kanyang kalikasan. Hindi talaga siya tunay na malaya.

May bahaging bukas sa loob ng tao: ang *espiritu*, at may tumatanggi rin sa tawag ng tungkulin: ang *laman* (tingnan Mc 14:38). Iba ang tinutukoy ng *laman* kaysa

mabuti na gusto kong gawin at nagagawa
ko ang masamang ayaw kong gawin.
20 Ngayon, kung nagagawa ko ang ayaw
kong gawin, hindi na ako ang gumagawa
kundi ang kasalanang nananahan sa akin.
21 Kaya nasa akin pala ang batas na
ito: sa pagnanais kong gumawa ng ma-
buti, ang masama ang dumarating. 22 Iki-
nagagalak ko – ng aking panloob na sarili
– ang Batas ng Diyos. 23 Ngunit nakikita
ko ang ibang batas na nasa aking kata-
wan na lumalaban naman sa batas na
nasa aking isip, kaya binibihag ako at
inaalipin ng batas ng kasalanang nasa
akin. 24 Kawawa ako! Sino ang tutubos sa
akin sa katawang ito na kamatayan la-
mang? 25 Salamat sa Diyos sa pama-
magitan ni Jesucristong ating Panginoon!
Kaya sa madaling sabi'y pinagling-
kuran ko ang batas ng Diyos sa aking isip,
ngunit ang batas naman ng kasalanan sa
laman ko.

**Natanggap na natin ang Espiritu**

**8** • 1 Wala na ngayon ang paghihirap
na iyon para sa mga na kay Kristo
Jesus. 2 Kay Kristo Jesus, iniligtas ka,
mula sa batas ng kasalanan at ka-
matayan, ng batas ng espiritu na siyang
buhay. 3 Hindi ito magawa ng Batas dahil
hindi ito masunod ng laman. Kaya ginawa
ng Diyos ang kanyang Anak na kawangis
ng laman na kaugnay ng kasalanan para
harapin ang kasalanan, at sinugo niya
siya upang hatulan sa laman ang kasa-
lanan. 4 Bunga nito, natutupad ang mga
hinihingi ng Batas sa atin na sumusunod
sa espiritu at hindi sa laman.

---

katawan; tinutukoy nito ang bahagi ng ating pagkatao na marupok sa harap ng tungkulin at sa tawag ng Diyos na magpakabanal. Sa sulat niya sa Galasya, kapag binabanggit niya ang mga "gawa ng laman," ang ibinibigay niyang halimbawa ay di lamang ang pagkalasing o kahalayan, kundi pati mga pagnanasa at damdamin tulad ng inggit at ambisyon. Ang laman ay lahat ng nasa ilalim ng tukso. Kaya ang paglaban sa laman ay hindi pagtanggi sa katawan.

Baog ang ating kalayaan sa harap ng kasalanan: wala itong magawa laban sa mga puwersa ng kasamaan na humihila sa buong sangkatauhan. Pananamlay ng ating mga kamanggagawa, problema sa pamilya, paglaganap ng pornograpiya, pagkamakasarili at konsumerismo: ang laman sa ating kalooban ay kasabwat ng mga kasamaang ito.

Sa kabanatang ito, patuloy na ginagampanan ni Pablo ang papel ng taong hindi pa nakakikilala kay Kristo at nananatiling nakagapos at hati ang loob. Ang susunod na kabanata ay tatalakay naman sa tunggalian ng espiritu at laman sa loob ng naniniwala kay Kristo. May kalutasan para sa kanilang tunggalian: mamuhay sila sa kapayapaan. Kaya pasigaw na nagtatapos si Pablo: *sino ang magpapalaya sa akin? Salamat sa Diyos.*

• **8.1** Matapos maipakita ang mga limitasyon ng batas ng relihiyon, sa katunaya'y ng alinmang relihiyong pagsunod sa mga kaugalian ang ipinaggigiitan, tinatalakay ngayon ni Pablo ang pamumuhay sa espiritu. Sapagkat ito, una sa lahat, ang buhay-Kristiyano. Isang mahabang diskusyon sa teolohiya ang matutunghayan natin dito, at ayon sa natutuhan ni Pablo sa pamamaraan ng mga rabbi niya inilalahad ang kanyang mga argumento. Ngunit kung susuriin natin itong mabuti, makikita nating hindi ito paglalahad ng isang tesis kundi mula sa espirituwal na karanasan mismo ni Pablo ang lahat niyang sinasabi.

Pinaniniwalaan ng Kristiyano na tinanggap niya ang Espiritu ng Diyos, hindi dahil itinuro sa kanya na ipinagkaloob sa kanya sa kumpil ang Espiritu. Kung may natatanging karanasan sa buhay-Kristiyano, ito ang karanasan sa Espiritu ng Diyos na gumagawa sa atin. Naroon siyempre ang tukso na dapat nating talikuran – ang hangaring madama ang mga bagay ng Diyos sa halip na paniwalaan ang kanyang salita. Ngunit sa kabila nito'y meron pa ring karanasang-Kristiyano. Basahin ang paliwanag sa Mga Gawa 21:5.

Alam ni Pablo kung paano mabuhay na palagiang pinamamahalaan ng Espiritu. Nakalabas siya sa kalagayan ng makasalanang bahagi ng kanyang konsiyensya at sa masasama niyang ugali, nakatagpo siya ng pagkakaisa sa pagiging bukas niya sa Diyos. Buong lakas ng loob siyang magsasalita tungkol sa ganap na pagbabago ng mga naniniwala kay Kristo, kahit na sa dakong huli'y kailangang tanggapin niyang higit na proseso pala kaysa kaganapan ang pagbabagong ito.

*Sinugo ng Diyos sa atin ang kanyang Anak* (3). Susuguin kaya niya sa atin ang kanyang Anak para lamang mangusap sa atin, para lamang ibigay sa atin ang kanyang mga batas at ng halimbawa kung paano magmahal ang Diyos? Iba ang kaligtasang bigay sa atin ng Diyos. Tingnan natin ang nangyayari kapag merong maygustong tumulong sa mga hikahos: walang kapararakan ang pagtulong natin sa kanila sa materyal na bagay sapagkat hindi sila magiging responsable hangga't hindi sila mismo ang haharap sa kanilang mga problema. Alam ito ng Diyos. Hindi siya hanggang pagkaawa na lamang sa mga makasalanan at pagsasabing "Kawawa naman! Napakaiiresponsable! Pero dadamitan ko sila ng puti at kalilimutan ang

**Ang buhay sa Espiritu**

• 5 Mga bagay ng laman ang hangad ng
mga sumusunod sa laman at mga bagay
ng espiritu naman ang sa mga maka-
espiritu. 6 Kamatayan lamang ang hangad
ng laman; buhay at kapayapaan naman
ang hangad ng espiritu. 7 Sapagkat
kalaban ng Diyos ang hangad ng laman;
hindi nga ito nagpa-pasakop sa batas ng
Diyos at hindi nito kaya kahit na sumu-
sunod dito. 8 Kayat hindi makapagbi-
bigay-lugod sa Diyos ang mga sumu-
sunod sa laman.

9 Wala nga kayo sa ilalim ng laman
kundi sa espiritu dahil sa inyo nananahan
ang Espiritu ng Diyos. Kung wala ang
Espiritu ni Kristo sa sinuman, hindi siya
kay Kristo. 10 Nasa inyo nga si Kristo, at
kahit na patay ang katawan dahil sa
kasalanan, buhay naman ang espiritu
dahil sa pagkamatuwid. 11 At kung nasa
inyo ang Espiritu ng nagpabangon kay
Jesus mula sa mga patay, bubuhaying
muli ng nagpabangon kay Kristo mula sa
mga patay ang inyong mga may kama-
tayang katawan sa bisa naman ng
kanyang Espiritung nananahan sa inyo.

12 Kaya, mga kapatid, hindi na tayo
utusan ng laman; huwag kayong ma-
buhay ayon sa laman. 13 Kung nabubuhay
kayo ayon sa laman, mamamatay kayo;
kung papatayin naman ninyo ang mga
gawa ng laman sa bisa ng espiritu, kayo'y
mabubuhay. 14 At nagiging mga anak ng
Diyos ang mga inaakay ng Espiritu ng
Diyos.

15 Kaya wala nang dapat ikatakot: hindi
espiritu ng pagkaalipin ang inyong
tinanggap kundi ang espiritu ng pag-
ampon; sa bisa nito natin sinasabing "O

---

kanilang mga kasalanan para magmukha silang-banal at makaupo sa tabi ko." Ayaw ng Diyos na pagtakpan ang realidad; sa halip, hangad niyang likhaing muli ang sangkatauhan. Kaya isang kalahi mismo ng Tao ang kailangang lumupig kay Kasalanan na siyang kapangyarihan ng kamatayan at dahilan ng pagkaparalisado at pagkakawatak-watak ng sangkatauhan.

*Ginawa ng Diyos ang kanyang Anak na kawangis* (3). *Kawangis:* pasan ni Jesus ang sala ng iba ngunit siya mismo'y walang nagagawang kasalanan (Heb 2:14 at 4:15). Mula sa pag-aalay ni Kristo, binigyang-kakayahan ng kapangyarihan ng kanyang Espiritu ang mga sumasampalataya na mapagtagumpayan ang mga puwersa ng kamatayan.

Sa pamamagitan ng pagmamahal at pagpapatawad, lumikha ang Diyos ng isang bagong daigdig na walang sama ng loob o hangaring maghiganti o lihim na pag-uusig ng budhi. Palagay ang ating loob sa kanya; palagay ang ating loob sa isa't isa.

• 5. Inihanda ng pagkatao ni Kristo ang pagkakaloob ng Espiritu sa mga magiging anak ng Diyos, na pagkatapos ay magiging "diyos," ibig sabihi'y binagong-anyo sa Diyos. Una'y si Kristo at pagkatapos ay saka ang Espiritu. Ito ang dahilan kaya ipinaalaala muna sa atin ni Pablo ang gawang pagliligtas ni Kristo (kab. 5 at 6). At ngayon nama'y tungkol sa Espiritu ang sinasabi niya sa atin.

*Ang mga sumusunod sa laman.* Natalakay na natin sa paliwanag sa 7:4 ang kahulugan ng laman. Tiyak na ang mga pagsasalungatang dinaranas ng bawat isa sa atin sa ating kalooban ang naiisip dito ni Pablo. At ang realidad sa buhay nating mga tao na ating pinoproblema at pinapasan ang tinutukoy na laman. Ngunit walang kalikasang pantao na purong kalikasan lamang. Ang pagkatao ng mga tao sa ika-20 dantaong ito, kasama ang kanilang mga ugali at pagnanasa, ang kanilang mga larawan, ang mga bagay na parang imposibleng alisin, ay nakasalalay higit sa lahat sa ating edukasyon at kultura. Ang paglalaban ng *laman at espiritu* sa isang banda'y paglalaban ng ating kultura – ang kasalukuyang maluwag na kultura natin taglay ang walang patumanggang paghahanap nito ng kasiyahan at sa pinakabagong uso – at ng espiritu ni Kristo na tanging paglilingkod lamang sa Ama ang hanap. Sa ganitong kalagayan, hindi natin dapat ikagulat ang muling paglitaw ng kalayaang seksuwal ng ilang grupong nagsasabing Kristiyano raw sila. Laging mga karapatan ang kanilang bukambibig na para bang may iba pang karapatan ang isang Kristiyano sa harap ng Ama liban sa pagiging lingkod niya tulad ni Jesus, at sa pagwawaksi sa kanyang sarili.

Sa b. 5, mababasa natin: *mga bagay ng laman ang hangad. Ang isinasapuso* ninuman ang tinutukoy ng salitang Griyego: ang mga ambisyon at mga plano sa buhay. Inuulit ang salitang ito sa b. 7. Ang likas na hangad ng ating pagkatao ang tinutukoy nito kasama na ang ating mga plano sa tuwing nakikiayon tayo sa mga ambisyon ng ating mga kapanahon. *Kamatayan ang hangad ng laman... kalaban ng Diyos ang hangad ng laman:* maaaring makabigla ang pangungusap na ito sa atin na nabubuhay sa daigdig na walang lugar para sa pananampalataya ngunit marami pa ring mabubuting bagay na nagaganap. Sinasabi nating gumagawa ang Espiritu ng Diyos kahit na sa mga lugar na hindi siya kilala ng mga tao. Ngunit para magkaroon ng buhay, kailangang suriin kung ano nga bang talaga ang totoo. *Para magbigay-lugod* sa Diyos, kailangang laging mapabilang sa mga latak ng lipunan tulad ni Abraham, ibig sabihi'y sumalungat sa *laman.*

Abba (O Tatay), O Ama." 16 Pinatoto-
tohanan nga ng Espiritu sa ating espiritu
na mga anak tayo ng Diyos. 17 At kung
tayo'y mga anak, tayo'y mga taga-
pagmana rin. Tagapagmana ng Diyos at
Tagapagmananang kasama ni Kristo.
Kung magtitiis tayong kasama niya,
luluwalhatiin tayong kasama niya.

**Ang sanlibutan man ay naghihintay na maligtas**

• 18 Sa palagay ko'y hindi maihaham-
bing ang kasalukuyan nating tinitiis sa
mahahayag na kaluwalhatiang laan para
sa atin. 19 Nananabik nga ang sangkina-
pal; pinananabikan nito na ipakita nang
buong liwanag ang mga anak ng Diyos.
20 Nagpapaalipin ang sangkinapal sa
walang saysay, hindi kusang-loob kundi
dahil sa lumupig dito. 21 Ngunit may pag-
asa ito: pati ang sangkinapal ay ililigtas sa
pagkaalipin sa mga puwersa ng kabu-
lukan at makikibahagi sa laya at luwalhati
ng mga anak ng Diyos. 22 Alam natin na
hanggang ngayo'y dumaraing ang sang-
kinapal dahil sa kirot ng panganganak.
23 At tayo mismo'y dumaraing din sa ating
kalooban pagkatanggap natin ng unang

---

*Ang sa mga makaespiritu* (5). Isusulat ba natin sa maliit o malaking titik ang Espiritu? Sa pagkaintindi rito ng biblia, kapwa ito espiritu ng Diyos at natin. Ang espiritu ang ibinibigay ng Diyos sa mga tao, at ito rin ang kusa nilang pagtanggap sa pagkilos ng Diyos. Sa talatang ito, may mga pagkakataong *espiritu* ang dapat nating gamitin – ang ating *espiritung* dinadalaw ng Diyos – at kung minsan nama'y kailangan nating sabihing espiritu – ang paraan ng paggawa ng Diyos sa atin – at sa iba pang pagkakatao'y *Espiritu* na siyang Diyos-na-nagkakaloob.

Hindi teoriya tungkol sa kung ano ang dapat mangyari sa "kaibuturan ng ating kaluluwa" ang isinusulat dito ni Pablo kundi bunga mismo ito ng kanyang karanasan. May bahagi ng kanyang pagkatao na hawak ng Espiritung ipinagkaloob sa kanya, ito ang *kanyang espiritu*. Ngunit nananatili namang tulad ng dati ang iba pa, na tinatawag niyang *laman* (dapat itong tawaging "realidad ng buhay," ang lahat ng batayan ng kanyang ugali). Mas maluwag na siguro itong nakahihinga ngayon dahil hindi na ito laging pinipigilan ni Pablo at ipinaiilalim sa Batas gaya ng ginawa niya noong una (7:15-25). Sa totoo'y *hindi ito maipaiilalim*, makapaghahangad lamang ito ng pahinga at pagkain, at nangangarap ng seks at kagalingan.

Kaya hinaharap ni Pablo ang mga pagnanasang ito ng laman, na parang nasa labas siya ng kanyang sarili, ngunit matatag naman siyang nakaugat sa *espiritu*. Nasa impluwensiya na ngayon ng Espiritu ang espiritung ito at alam nito ang kagalakang hatid ng pagpapadala sa Espiritu. At patuloy na nakikita at nararamdaman ni Pablo ang mga pagsasalungatan sa kanyang sarili (2 Cor 12:17). Ngunit hindi na ito pagsubok na ubusan ng lakas: nakikibahagi na siya sa tagumpay ng Espiritu.

Hindi kinalilimutan ni Pablo na mas huli sa kanya ang iba at kailangan pa nilang paghirapang makapangyari sa kanilang kalayaan. Hindi niya sinasabi sa kanila na masama ang laman kundi kailangan nating *patayin ang mga gawa ng laman* (13): na siya nating tinatawag na mortipikasyon.

*Hindi espiritu ng pagkaalipin ang inyong tinanggap* (15). Binababago ng Espiritu ang ating pagpapakatao at pagsasadiyos. Mula ngayon, mga bunga na ng naunang grasya ang lahat ng iba pang biyayang ibibigay sa atin ng Diyos: naging mga tunay na anak na tayo ng Diyos. Kilala na natin ang Ama at ito ang dahilan kaya buong-galak at walang takot nating sinusunod ang lahat ng hinihingi niya sa atin. Masasabi na nga nating "Ama namin" tulad ng itinuro sa atin ni Jesus.

*Mga bagay ng espiritu naman ang sa mga makaespiritu*. At kusa tayong nakadarama ng pagnanasa para sa isang bagong paraan ng buhay bilang pagtulad kay Kristo. Pinasisigla ng mga naisin ng Espiritu ang ating buhay. Nararanasan natin ang mga ito bilang pagtawag ng Diyos sa ating kalooban, panatag tayo at masaya.

Sa pagsunod natin sa mga naisin ng Espiritu, totoong nararamdaman nating malaya tayo. Sa araw-araw ay kailangan tayong sumulong pa nang kaunti upang *patayin ang mga gawa ng laman* (14), ang anumang pumipigil sa atin para kumilos at nagpapakapit sa atin sa mundong ito.

*Pinatototohanan nga ng Espiritu sa ating espiritu na mga anak tayo ng Diyos* (16). Nabubuhay sa liwanag ang sinumang nabubuhay sa espiritu. Sa pananatili nating matatag sa aral ni Kristo at sa pakikibahagi natin sa buhay ng Iglesya, ibinibigay ng Espiritu sa ating kalooban ang kaalaman at kagalakan sa mga bagay ng Diyos. Patnubay at inspirasyon ang kaloob sa atin ng Espiritu sa araw-araw, at ipinapakita nito sa atin kung paano bibigyang-lugod ang Diyos.

• 18. Patuloy ang paglalarawan ng "pamumuhay sa Espiritu." Mapapansin ng nananampalatayang tumitingin sa paligid na talagang binababago hindi lang ang kanyang mga kapatid kundi pati ang buong sanlibutan.

*Sa kaluwalhatiang laan para sa atin* (18). Nananahan man ang Espiritu sa ating kaloob-looban, umaasa pa rin tayo sa pagpapanibago ng buo nating katauhan. Ngayon, kahit nasa atin na ang kapayapaan ni Kristo, pinipigilan pa rin tayo ng maraming tukso at paghihirap upang magsaya sa kaluwalhatian at maging

bahagi ng espiritu; pinananabikan natin
ang pagiging mga anak. 24 Sa pag-asa
nagaganap ang ating pagliligtas, at kung
nakikita na ang inaasahan, tapos na ang
pag-asa; puwede bang asahan pa ang
nakikita na? 25 Kaya di nakikita ang ating
inaasahan at hinihintay natin ang mga
iyon nang may pagtitiis.

• 26 Gayon din naman, tinutulungan
tayo ng espiritu – mahina nga tayo. Para
ano at paano tayo mananalangin? Hindi
natin alam, ngunit ang espiritu ang
sumasamo para sa atin sa paghibik na di
kayang sabihin. 27 At siyang sumusuri sa
mga puso ang nakakaalam kung ano ang
kalooban ng niloloob ng espiritu, sa-
pagkat ayon sa Diyos ang pagsamo ng
espiritu alang-alang sa mga banal.

**Sino'ng magwawalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos?**

• 28 Alam natin na ginagamit ng Diyos
ang lahat para sa ikabubuti ng mga nag-

---

ganap na malaya. Sa pagpapanibago ng buo nating katauhan (*katawan* ito kay Pablo:23) mararating din natin ang maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Diyos.

Hindi natin puwedeng tingnan ang tao nang hiwalay sa daigdig na ito na ating ginagalawan. May iba pa kayang mga may-isip na nilalang sa iba pang sulok ng sanlibutan? Walang binabanggit ang biblia tungkol dito; sinasabi lamang nito sa atin na iisang hiwaga ng pagkamatay at pagkabuhay ang pumapatnubay sa buong sangnilikha. At ito rin mismo ang ating hantungan na siya ring pinagdaanan ng Anak ng Diyos.

*Sino ang may kagagawan nito:* ang Diyos ba o ang mga tao? Alinman sa dalawa'y walang pagkakaiba ang kahihinatnan. Ipakikita sa atin ni Pablo na sinira ng kasalanan ang kaayusan ng kalikasan. May mga teksto sa Matandang Tipan na naglalahad na nasa panig ng Diyos ang kalikasan laban sa mga krimen ng tao (Jer 14; Jn 3:7 at 4:11; Kar 5:17-20). Lumago nga ang sangkatauhan na taglay ang kalupitan at karahasan, kaya naman kalalakihan ang nakapangyayari sa mga babae, at may palaaway na diwa ng kalalakihan. At bunga nito ang isang siyensyang naghahangad na makapangyari sa kalikasan: di ba't ang kagustuhang agawin nang sapilitan ang kaalaman at kaligayahan ang siyang kasalanan ni Adan?

Sinasabi ng biblia na karaniwang may kaakibat na pagsasamantala at pang-aalipin ang pag-unlad ng lipunan. Ginagamit ang pagtuklas ng siyensya upang lipulin ang milyun-milyong buhay, at mas maraming tao ang pinanatiling hikahos ng pag-unlad ng mundo kaysa napagiginhawa nito sa buhay.

Malinaw na napatunayan ng siyensya sa ngayon na ang tao ang sukdulang hantungan ng kabuuan ng agos ng buhay. Pero hindi natin dapat kalimutan na kapatid siya at kabuklod sa lahat ng maybuhay. Hindi tayo inaanyayahan ng biblia na pangarapin ang isang kalikasang pinapanumbalik sa kalagayan ng paraiso sa lupa na tatamasahin ng ilang mayaman. Hindi nito hinihinging "tauhin" natin ang mga hayop na may kanila ring mga karapatan. Iginagalang ng tunay na pag-ibig ang kaayusan ng sangkinapal, at hindi maipapalit sa tunay at responsableng pagmamahal na marunong tumanggap at makipagbuklod sa mga taong malaya ang "pag-ibig sa mga hayop."

Ipinagkatiwala kay Adan ang sang-kalikasan: kailangang ibalik niya ito sa Diyos, gamitin ito sa paraang siya mismo'y nagiging handog rin sa Diyos (Rom 12:1 at 15:7). Ito ang ibig sabihin ng paghahain ng mga hayop sa Matandang Tipan. Ang lumalaking pagpapahalaga sa responsabilidad ng tao sa sangnilikha ang nagmumulat sa atin sa isang aspekto ng kasalanan pero inoobliga rin tayo nitong magtanong kung saan tayo dinadala ng ating kasaysayan.

*Dumaraing ang sangkinapal dahil sa kirot ng panganganak* (22). Mas maraming kontradiksyon at tensyon kaysa mapayapang pag-unlad ang nakikita natin sa mundo: sa totoo'y hindi natin permanenteng tahanan ang daigdig na ito. Lugar pa nga ito ng pighati at madilim na pananampalatayang naghahanda sa atin sa hinihintay natin mula sa Diyos: ang pagiging mga tunay na anak ng Diyos. Walang magagawa ang kalikasan kundi makibahagi sa atin sa *pagsilang* (22) na ito, na ang pagpapakasakit ni Jesus ang siyang tanda. At makikibahagi rin ito sa "kalayaan at luwalhati ng mga anak ng Diyos": mahirap isiping walang lugar ang mga tao ng pagkabuhay sa espirituwal at bagong daigdig.

• 26. *Mahina nga tayo. Ano at paano tayo mananalangin?* (26) Madalas nating isipin na nagdarasal tayo kapag may sinasabi tayo at may bagay tayong hinihingi. Ipinapakita ni Pablo na hindi ganoon kahalaga ang salita. Ang mahalaga ay ang malalim na pagnanasa ng Espiritu ng Diyos sa ating kalooban.

*Ang espiritu ang sumasamo para sa atin.* Magandang gamitin ang mga salitang iniuudyok sa atin ng Espiritu kapag inilalahad natin sa Diyos ang ating mga suliranin at alalahanin. At mas maganda kapag inaanyayahan tayo ng Espiritu na manatili sa tahimik na pananalangin, kapag ipinapahatid ng Diyos sa atin ang kanyang kapayapaan.

• 28. Sa mga huling pahina, inilalarawan ni Pablo ang pagkilos ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng kanyang Espiritu. Ngunit sa totoo'y nasa lahat ng pangyayari ng ating buhay ang kalinga ng Ama. Walang nangyayari sa mundo o sa ating pamilya o sa ating buhay na nagkataon lamang o nang dahil sa tadhana kaya.

*Ang mga nakilala niya'y itinalaga niya.* Bini-

mamahal sa kanya, na tinawag niya ayon
sa kanyang pasya. 29 Ang mga nakilala
niya'y itinalaga niya na maging kawangis
at kalarawan ng kanyang Anak upang
maging panganay siya sa maraming
magkakapatid. 30 At pagkatalaga niya sa
kanila, tinawag din niya sila; at pagka-
tawag sa kanila, pinaging-matuwid niya
sila; at pagkabanal niya sa kanila, niluwal-
hati niya sila.

31 Ano pa ang masasabi natin? Kung
sumasaatin ang Diyos, sino ang lalaban
sa atin? 32 Hindi niya kinaawaan ang kan-
yang Anak kundi ibinigay alang-alang sa
ating lahat. Paanong hindi niya ibibigay
ang lahat pang iba kasama nito?
33 Puwede bang hanapan ng mali ang mga
hinirang ng Diyos? Ang Diyos ang
nagpapaging matuwid sa kanila. 34 Sino
ang magsasakdal sa kanila? Si Kristo
Jesus ang namatay at ibinangon pa at
nasa kanan ng Diyos at nagdarasal alang-
alang sa atin.

35 At sino ang magwawalay sa atin sa
pagmamahal ni Kristo? Ang kasawiam-
palad ba, ang hirap, ang pag-uusig, ang
gutom, ang kahubaran, ang panganib,
ang tabak? 36 Sinasabi nga ng kasulatan:

*Dahil sa iyo'y pinapatay kami sa buong
maghapon; kami'y naging parang
tupang papatayin.*

37 Ngunit sa lahat ng ito, daig pa natin
ang nanalo dahil sa nagmamahal sa atin.
38 Natitiyak kong kahit ang kamatayan at
buhay, kahit ang mga anghel at pa-
mumuno ng kasalukuyang panahon o ng
darating; kahit ang mga puwersa ng ka-
itaasan o ng kailaliman; 39 natitiyak ko na
sa mga nilikha'y walang makapagwa-
walay sa atin sa pagmamahal ng Diyos na
na kay Kristo Jesus na ating Panginoon.

**Bakit hindi nananampalataya ang mga Judio?**

**9** • 1 Sasabihin ko sa inyo ang totoo
sa harap ni Kristo, nang walang
kasinungalingan, at pinatototohanan sa
akin ng aking konsiyensya sa Banal na
Espiritu: 2 Matindi ang aking kalungkutan
at walang tigil ang pagdurusa ng aking
kalooban 3 at ako na sana ang isumpa at
ihiwalay kay Kristo sa halip ng mga ka-
patid ko na mga kalahi ko. 4 Israelita sila;
inampon sila ng Diyos; nasa kanila ang
Luwalhati at ang mga tipan; sa kanila
ipinagkaloob ang Batas pati ang pag-

---

bigyang-diin ni Pablo ang personal na atensyon ng Ama sa bawat isa sa atin. Kilala na tayo ng Ama kay Kristo mula pa sa simula ng mundo: mga anak na kilala na bago pa isilang ngunit nakatalaga sa isang natatanging lugar sa sangkinapal!

*Tinawag niya sila.* Paano man natin nakilala si Kristo, personal na tawag pa rin ito ng Diyos na siyang nagbibigay sa atin ng pagkakataon para sumampalataya.

*Pinaging-matuwid niya sila.* Inilagay tayo ng Diyos sa ayos, sa isang kaayusang kalugud-lugod sa kanya. Higit pa ito sa kaayusang pangmoralidad para sa mga nangangailangan nito, at isa pa'y hindi garantiya ang ganitong kaayusan na mananatili tayo sa tamang landas. Ngunit may nangyayari sa ating kalooban, may inihahasik sa mundo: mga tagapagdala tayo ng dimabilang na mga pagsasaayos na pagmumulan ng bagong kamalayang lilitaw sa sangkatauhan sa ating kapanahunan o sa mga susunod pang dantaon.

*Ang mga nakilala na niya* (29). Sa pagbasa sa tekstong ito may nag-isip na hindi talaga tayo malaya, at tiyak na maliligtas ang mga pinili ng Diyos. Kung titingnan nating mabuti, wala namang sinasabi na may mga pinili at may hindi pinili para maligtas. Sinasabi lang ni Pablo na pinili sila upang *makilala si Kristo*, at iba naman ito kaysa kaligtasan.

Mas malawak ang kaharian ng Diyos kaysa abot ng Iglesya. Malaking bahagi ng Diyos kung paano sila gagabayan at ililigtas, sapagkat inililigtas ni Kristo ang buong sangkatauhan. Kinakausap ni Pablo ang mga nananampalataya at ipinapaalala sa kanila na isang dakilang personal na biyaya ang kanilang pagkakilala kay Kristo; hindi sila dapat panghinaan ng loob.

Tingnan din ang komentaryo sa 9:14.

*Sino ang lalaban sa atin?* (31) Iniisip ni Pablo ang kasamaan sa paligid na madalas humihila sa atin. Iniisip niya ang araw ng Paghuhukom, kapag iniharap na sa atin ng tagapag-usig, ang Espiritu ng Kasamaan, ang mga nagawa nating kamalian. Iniisip niya ang gulo nating budhi na nagdadala ng pagsisisi. Walang isa man dito ang mas malakas kaysa pag-ibig at pagpapatawad ni Kristo. Hindi dapat matakot ang nananampalataya sa kanyang paulit-ulit na pagkukulang, o magduda sa pag-ibig ng Diyos, ngunit dapat siyang magsikap na mabuhay nang matuwid.

• **9.1** Bilang Judio, kaisa rin si Pablo sa mga pagaalala ng ilang Judiong naniniwala kay Kristo. Bakit

samba at mga pangako. 5 Sa kanila ang
mga dakilang ninuno; at sa kanila rin ayon
sa lahi si Kristo na siya namang Diyos na
di saklaw ng anuman. Purihin siya mag-
pakailanman.
6 Huwag sabihin na di nagkatotoo ang
salita ng Diyos. Sapagkat hindi ang ta-
nang Israelita ang Israel. 7 Hindi lahat ng
inapo ni Abraham ay mga anak niya;
sinasabi nga: *Ang lahi lamang ni Isaac
ang ituturing na anak mo.* 8 Kaya hindi
mga anak ng Diyos ang mga anak ayon
sa laman; sa halip ay ang mga anak sa
bisa ng pangako ang itinuturing na
kanyang mga inapo. 9 At ito ang pangako:
*Sa pagbalik ko sa panahon ding ito, may
anak na lalaki na si Sara.* 10 At isa pa:
Naglihi si Rebeca ng kambal sa ating
amang si Isaac. 11 Hindi pa sila ipinapa-
nganak at wala pang nagagawang mabuti
o masama, kaya nakasalalay ang lahat sa
plano at pagpili ng Diyos 12 – at hindi sa
mga gawa ng tao kundi sa salita ng tuma-
tawag. At noon sinabing *Masasakop ng
bunso ang panganay.* 13 At sinasabi rin ng
Kasulatan: *Gusto ko si Jacob at ayaw ko
kay Esau.*

**Hindi di-makatarungan ang Diyos**

• 14 Kayat ano? May kawalang-kataru-
ngan ba sa Diyos? Wala. 15 Ngunit sina-
sabi rin kay Moises: *Maaawa ako sa aking
kinaaawaan at mahahabag sa aking
kinahahabagan.* 16 Kaya hindi sariling
sikap o galing ang batayan kundi ang awa
ng Diyos. 17 At sinasabi rin ng Kasulatan
tungkol kay Paraon: *Ito ang dahilan kaya
kita itinaas: Sa pamamagitan mo'y
ipakikita ko ang aking lakas at ihahayag
ang ngalan ko sa sanlibutan.* 18 Kaya

---

nga ba hindi nakilala ng bayang hinirang ang kanilang Tagapagligtas? Kung sila nga ang bayang hinirang, bakit kakaunti lamang ang napili?

Ganito rin ang pag-aalala ng mga pamilyang Katoliko kapag hindi na nagsisimba ang kanilang mga anak o kapag nagpahayag na ang mga "teenager" na nawalan na sila ng pananampalataya. Parehong pagkabalisa ang nararamdaman natin sa takbo ng isang misyon: iyong mga palasimba ang siya pang pinakamahirap ihatid sa pagbabagong-loob at siya pang sagabal, kung minsan, sa pagpapaabot ng Ebanghelyo sa mga tagalabas.

Pero hindi pamanang isinasalin ng ama sa anak ang pananampalataya. Nagkaroon nga ng mga panahon at mga kultura kung saan iisang relihiyon lamang meron ang isang buong bansa at meron ding isang pananampalataya. Inilalahad ng Mga Gawa ng Mga Apostol sa ilang pagkakataon na dahil sa pagsampalataya ng ulo ng pamilya, nagpapabinyag din ng buong sambahayan (Gawa 10:14; 16:33). Ngunit grasya pa rin ng Diyos ang pananampalataya. Sa ngayo'y malayang-malaya na ang mga tao at nabubuhay sa isang daigdig na nagtatagpo ang lahat ng paniniwala: hindi na maituturing na pampamilya ang pananampalataya.

• 14. Sa talatang ito, ipinagpapauna na ni Pablo ang pagtutol na ito: "Kung tinatawag ng Diyos ang sinumang maibigan niya, talaga nga kayang magiging malaya ang ating pagsampalataya?" (19). Isa itong misteryo at mananatiling misteryo. Hindi ito planong ipaliwanag ni Pablo, kundi ang sinasabi niya'y ibinibigay ng Diyos sa sinumang maibigan niya ang grasya ng paglapit kay Kristo (basahin Juan 6:44). Naranasan ni Pablo sa kanyang kumbersyon na sapilitang kinuha ng Diyos ang kanyang kalayaan tulad ng ginawa niya sa mga dakilang propeta. At dahil sa karanasang ito, gumagamit siya ng mabibigat na pananalita na parang wala tayong kalayaan ang dating lalo na sa b. 22 na puwede nating isalin bilang: "Kung pinagpasensyahan ng Diyos ang mga sisidlang ginawa para sirain..."

May dalawang obserbasyon tungkol dito:

Mga teksto ng Matandang Tipan ang ginagamit ni Pablo kung saan nagsasalita ang Diyos na ililigtas niya o wawasakin ang bayan ng Israel (27), na mamahalin niya ang Israel, bibigyan ito ng matabang lupa, at ng pangit na lupa naman ang bayan ng Esau o Edom (13), na lalo pa niyang pag-mamatigasin ang Paraon upang ihatid ito sa pagkalupig (17). Lahat ng ito'y tungkol sa pampamayang kabiguan o tagumpay sa antas ng kasaysayan, na ginagamit naman ni Pablo para linawin ang isang pangyayari sa kasaysayan: mas marami sa mga Judio ang hindi kumilala kay Kristo. Hindi natin kaagad-agad na masasabi mula rito kung ano ang responsabilidad ng mga naniwala at hindi. At lalo tayong malilito kung tulad ng ginawa ng iba'y gagamitin natin ang tekstong ito tungkol sa mga pupunta sa langit at sa mga parurusahan. Maliwanag na walang kinalaman ang tanong na ito sa argumento ni Pablo: grasyang bigay ng Diyos sa sinumang maibigan niya ang makilala siya. Ngunit may ibang mga grasya pa rin siyang ibinibigay upang maligtas ang iba pang mga tao na hindi nakakakilala kay Kristo.

Ikalawa, alalahanin natin na gumagamit ng mga salitang medyo may malabong kahulugan ang mga nagtatalumpati. At pagkatapos ay saka lamang ito lilinawin o ipaliliwanag. Kailangang tingnan natin ang iba pang mga salita ng Kasulatan para muling balansehin ang kahulugan ng mga ito. Kung tinatawag tayo ng Diyos sa pagmamahal at katapatan sa kanya (Os

kinaaawaan niya ang gustuhin niya at
pinagmamatigasan niya ang kanyang
ibigin.
19 Masasabi mo: "Huwag na siyang
manisi! Wala ngang makatututol sa kan-
yang kalooban." 20 – Pero sino ka, kaibi-
gan, para makipagtalo sa Diyos? *Masa-
sabi ba ng putik sa humuhubog dito:
Bakit mo ako ginagawang ganito?* 21 Na-
kagagawa ang magpapalayok ng mga si-
sidlang para sa marangal na gamit, at ng
iba para sa di-marangal. 22 Kaya nag-
papasensya ang Diyos sa mga paruru-
sahan niya, na parang mga sisidlan na
pagkagawa'y sisirain lamang; sa pama-
magitan nila niya ipakikita ang kanyang
galit at kapangyarihan. 23 At ipinakikita
naman niya ang kanyang masaganang
kaluwalhatian para sa iba na sisidlan niya
ng awa, na sa una pa'y inihanda na niya
para sa kaluwalhatian. 24 Tayo'y ang mga
ito, tinawag man tayo mula sa mga Judio
o mula sa mga bansang pagano. 25 Ito ang
sinasabi kay Oseas: *Tatawagin kong
bayan ko ang di ko bayan, at aking
mahal ang di ko minamahal.* 26 *At sa halip
na sabihin sa kanila: Di ko kayo bayan,
tatawagin silang mga anak ng Diyos na
buhay.*
27 Nagpapahayag din si Isaias tungkol
sa Israel: *Sindami man ng buhangin sa
dagat ang mga Israelita, isang nalabi*

---

2:21), bunga ito ng pagiging malaya natin at responsable (Sir 15:14). Kung may itinalaga nga ang Diyos para sa impiyerno, paano niya mahihingi rito na mabuhay nang banal? Napakabigat na biro naman nito.

*PREDESTINASYON*

Linawin natin na may dalawang paraan ng pag-intindi sa *predestinasyon*.

Para kay Pablo, ang mapagmahal na plano ng Diyos *mula pa sa simula* ang ibig sabihin ng *predestinasyon*. Noon ipinasya ng Diyos kung paano niya ibubuhos sa bawat isa sa atin ang mga yaman ng kanyang pagmamahal sa pamamagitan ng kanyang Anak. Basahin ang paliwanag sa Efeso 1:5.

Pero hindi ganito ang pagkaintindi ng mga tao noong ika-16 na dantaon, tulad nina Luther at Calvin kasama na ang maraming teologong Katoliko. Akala nila'y nilikha ng Diyos ang tao nang hindi nito pinoproblema na puwede itong magkasala o pinaghahandaan kaya ang pagdating ni Kristo. Dahil sa pagkakasala ni Adan, hinatulan ng Katarungan ng Diyos ang buong lahi ni Adan na mapasaimpiyerno. Ngunit ipinasya naman ng Awa ng Diyos na iligtas ang ilan sa kanila sa pagpapadala niya kay Jesus. Mangangahulugan ang predestinasyong ito *pagkatapos ng pagkakasala* na walang sinumang makatatakas sa pagpapala o sumpang ito ng Diyos.

Sa pagsasalita ni Pablo tungkol sa predestinasyon, wala siyang ibang sinasabi kundi papuri sa Diyos para sa nag-uumapaw na pagmamahal nito. Ngunit sila nama'y walang ibang iniisip kundi sariling kaligtasan sa pag-aakalang sige lang nang sige ang Diyos at baka sa impiyerno sila nito itinalaga. Nalampasan ni Luther ang problemang ito sa pagbibigay-diin niya sa maawaing Jesus kaysa isang Diyos na nakakatakot.

Sa panahon ding iyon ng kawalang-pag-asa, nagkaroon ng ilang aparisyon ang Panginoong Jesus na humihinging magbigay-parangal ang mga tao sa kanyang Kamahal-mahalang Puso na isang paalaala sa atin na pawang pag-ibig lamang meron siya sa atin. At hindi lamang si "Jesus" ang mapagmahal na Diyos. Pag-ibig ding tulad ng Anak ang Amang nagtatalaga sa atin.

Tungkol sa predestinasyon, ito ang masasabi natin:

– Hindi hamak ng panahon ang Diyos; wala sa kanyang bago at pagkatapos. Sabay niyang nakikita at itinatalaga ang simula at ang katapusan para sa bawat isa sa atin. Walang buhay na nabibigo dahil sa kapabayaan ng Diyos o sa masama niyang kalooban (Rom 8:28; Jaime 1:13). Walang makapipigil sa pagliligtas ng kanyang plano (Rom 8:35).

– Kaloob ng Diyos ang lahat ng ating kaligtasan. Walang makapaniniwala at makapagpapasaya sa Diyos maliban kung siya'y tinawag: Rom 11:5; Fil 2:13. Walang dapat magmalaki sa kanyang mabuting nagawa o makahihingi ng gantimpala: Ef 2:9; Fil 3:9.

– Diyos ang siyang gumagawa ng lahat sa atin basta't bukas lamang tayo sa kanyang mga galaw. Silang tumatanggi sa kanya ang responsable sa kanilang kapahamakan. Kapag nagsasalita ang Iglesya tungkol sa "predestinasyon," itong pagliligtas ang kanyang tinutukoy; hindi siya kailanman bumabanggit ng predestinasyon kaugnay ng impiyerno. Ihambing ang Mateo 25:34: *ang kaharian inihanda para sa inyo*, sa 25:41: *ang apoy na inihanda para sa diyablo*.

*Tatawagin kong bayan ko ang di ko bayan* (25). Pareho rin sa 1 P 2:10. Hindi tinanggihan ng Diyos ang Israel; kahit hindi nakilala ng mga Judio ang kanilang Tagapagligtas, patuloy pa rin nilang gagampanan ang katangi-tangi nilang misyon sa mundo. Gayunman, ang mga tagalabas mula sa iba't ibang panig ng daigdig ang siyang bubuo sa bagong bayan ng Diyos.

*Isang nalabi lamang ang maliligtas* (27). Sa halip na magreklamo, dapat sana'y magpasalamat ang mga Judiong naniwala kay Kristo dahil tinawag niya sila. Iniligtas ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng maliliit na grupo. At maging sa loob ng Iglesya, hindi

*lamang ang maliligtas.* 28 *Ipinasya ito ng*
*Panginoon at agad na tutuparin sa lupa-*
*ing ito.* 29 At inihula rin ni Isaias: *Kung*
*walang binhing iniwan ang Panginoon*
*ng mga Hukbo, parang Sodom at*
*Gomorra na sana tayo ngayon.*
30 Ano nga ang masasabi natin? Ang
mga bansang di naghanap ng pagka-
matuwid ay nakatagpo ng pagkamatuwid,
ng pagkamatuwid na dulot ng pananam-
palataya. 31 Ngunit hindi naman nakamit
ng Israel ang hantungan ng Batas, sa
pagsunod nito sa Batas para sa pagiging
matuwid. 32 Bakit? Sa gawa kasi sila nag-
hanap at hindi sa pananampalataya. At
natisod sila sa batong katitisuran na si
Kristo 33 ayon sa nasusulat: *Ako'y nagla-*
*lagay sa Sion ng batong nakausli na ikati-*
*tisod. Ang sumasandal naman dito'y*
*hindi mabibigo.*

**Hangad nilang pairalin ang sariling pagkamatuwid**

**10** • 1 Mga kapatid, ipinananalangin
ko sa Diyos na maligtas sila. Ito
ang hangad ng aking puso. 2 Pinatototo-
hanan ko na masigasig sila para sa Diyos,
pero mali. 3 Hindi nila alam ang pagpa-
paging matuwid ng Diyos at hangad
nilang pairalin ang sariling pagkama-
tuwid. Kaya hindi sila nagpasakop sa
pagpapaging matuwid ng Diyos. 4 Si
Kristo nga ang layunin ng Batas, tungo sa
pagpapaging matuwid sa lahat ng suma-
sampalataya.
5 Ano ang kabanalang mula sa Batas?
Isinulat ni Moises: *Sa pagsasagawa nito*
*mabubuhay ang tao.* 6 Sa ganito naman
nakikilala ang kabanalang mula sa
pananampalataya: *Huwag sabihin ng*
*iyong puso: Sino ang aakyat sa langit?*
sapagkat bumaba na nga si Kristo. 7 At
ganito rin: *Sino ang bababa sa kaila-*
*liman?* sapagkat bumalik na nga si Kristo
mula sa mga patay. 8 At sinasabi ring:
*Malapit sa iyo ang salita, sa iyong bibig at*
*puso.* Ang salitang iyon ang ipinangaral
namin tungkol sa pananampalataya.
9 Maliligtas ka kung ipahahayag ng
iyong bibig na Panginoon si Jesus at kung
paniniwalaan mo sa iyong puso na muli
siyang ibinangon ng Diyos mula sa mga
patay. 10 Sa paniniwala ng puso magiging
matuwid ka, at sa pagpapahayag naman
ng bibig maliligtas ka. 11 Sinasabi nga ng
Kasulatan: *At maliligtas naman ang*
*sinumang tatawag sa Pangalan ni Yawe.*
12 Walang kaibahan ang Judio sa Griyego
sapagkat iisa lang ang Panginoon ng

---

marami ang talagang seryoso sa Ebanghelyo: sapagkat maging ito ay kaloob ng Diyos.

Ipinapaliwanag ngayon ni Pablo kung bakit nawala sa mga Judio ang hantungan ng Batas (31). Sapagkat gusto nilang maging banal sa pamamagitan lamang ng sarili nilang pagsisikap. Sa puntong ito, pareho lang sila ng ibang Kristiyano sa ngayon. Parang nakatitiyak na sila sa kanilang mga aksyon at kuntento na sa kanilang buhay.

*Hangad nilang pairalin ang sariling pagkamatuwid* (10:3). Maraming mga Kristiyano ang gustong lumapit sa Diyos na may dalang maraming mabuting gawa ngunit inanyayahan lamang tayo ni Kristo para tumanggap. Ganito natin tinatanggap ang mga sakramento: hindi dahil karapat-dapat tayo, kundi dumudulog tayong bukas ang palad tulad ng isang pulubi.

• **10.**1 Patuloy na tinatalakay ni Pablo ang paksa ng di-pagsampalataya ng Israel ayon sa pamamaraan ng mga Judio nang panahong iyon. Pinag-iiba't iba niya ang mga takbo ng kaisipan sa biblia. Katapatan sa pagsunod sa mga kautusan ang siya lamang sinasabi sa maraming teksto sa Matandang Tipan ngunit may iba namang nagbibigay-diin sa kaloob ng Diyos mula sa kanyang kagandahang-loob. Muli nitong nililinaw na hindi "iisa" ang relihiyong meron ang biblia: hindi sapat na basahin ang anumang teksto at intindihin ito nang literal (na tinatawag nating "pundamentalismo"). Binibigyan tayo ng Diyos ng sunud-sunod na mga patunay para makita natin ang daan at pagtuturong galing sa Diyos. Sa loob ng mga dantaon at sa iba't ibang kultura ng mga Judio at ng mga Griyego, inihahatid ng Diyos ang kanyang bayan sa kaganapan ng katotohanan.

Nasanay na tayo marahil sa pananaw na pabuti at paunlad dapat ang takbo ng kasaysayan na para bang sa kung anong meron na kailangang "magsanga" ang susunod. Ngunit ipinakita ni Jesus na nagkakasunud-sunod nga ang mga panahon pero hindi pare-pareho ang mga ito. Kung meron mang pag-unlad na hayag at nakikita, nagaganap ang mga ito sa malalaking kaguluhan at pagbabago ng mga pananaw.

Maging sa Iglesya'y nagkaroon ng malalaking

lahat, na may magandang-loob para sa
lahat ng tumatawag sa kanya: 13 *Hindi*
*mabibigo ang sumasampalataya sa kan-*
*ya.*

14 Ngunit puwede ba silang tumawag sa
hindi nila sinasampalatayanan? At
puwede ba naman silang sumampalataya
sa hindi nila narinig? At puwede ba nilang
marinig kung hindi sila pinagpahayagan?
15 At puwede ba silang pagpahayagan
kung walang apostol? Nasusulat: *Kay*
*ganda! Narito na ang mga naghahatid ng*
*mabuting balita.* 16 Ngunit hindi lahat ay
sumunod sa ang mabuting balita; sinabi
na ni Isaias: *Panginoon, sino ang nani-*
*wala sa aming pangangaral?*

17 Kaya mula sa pagkarinig ang pana-
nampalataya, sa pagkarinig tungkol kay
Kristo. 18 At ito ang aking tanong: Hindi ba
sila nakarinig? Pero nakarinig sila. May
mga nangaral at *lumaganap ang kani-*
*lang tinig sa buong sanlibutan at ang*
*kanilang pangangaral, sa magkabilang*
*dulo ng daigdig.* 19 Kaya muli kong itina-
tanong: Ano, hindi nakaunawa ang Israel?
At ito ang agad na sagot ni Moises: *Pagse-*
*selosin ko kayo sa isang bayan na di*
*bayan; iinisin ko kayo sa pamamagitan*
*ng isang bansang hangal.* 20 Pinanganga-
hasan namang sabihin ni Isaias: *Natag-*
*puan ako ng mga hindi naghanap sa*
*akin, napakita ako sa mga hindi nagta-*
*nong tungkol sa akin.* 21 At ang Israel ang
tinutukoy ng salitang ito: *Buong mag-*
*hapon kong iniunat ang aking mga*
*kamay sa isang bayang sumasalungat at*
*di naniniwala.*

**Naligtas ang labi ng Israel**

**11** 1 Kaya itinatanong ko: Ano? Itinak-
wil ba ng Diyos ang kanyang
bayan? Hindi! Ako man ay Israelita, kalahi
ni Abraham, mula sa lipi ng Benjamin.
2 *Hindi itinakwil ng Diyos ang kanyang*
*bayan* na kilala na niya noon pa mang
una. Siguradong alam ninyo ang sinasabi
ni Elias sa Kasulatan nang isakdal niya sa
Diyos ang Israel: 3 *Panginoon, nilipol nila*
*ang iyong mga propeta, winasak ang*
*iyong mga altar at ako na lamang ang*
*natitira. At sinisikap din nila akong pata-*
*yin.* 4 Ngunit ano ang isinagot sa propeta?
*Pitong libong lalaki na hindi lumuhod*
*kay Baal ang inilaan ko para sa akin.*
5 Ganito rin naman ngayon: may nalabi rin
na mga hinirang sa kagandahang-loob.
6 Subalit sa kagandahang-loob nga, kaya
hindi dahil sa pagsasagawa. Kung hindi'y
hindi na kagandahang-loob ang kagan-
dahang-loob.

7 Kaya ano? Hindi nakamit ng Israel ang
kanilang hangad, ngunit nakamit ito ng
mga hinirang. 8 Nagmatigas ang iba, ayon
sa nasusulat: *Pinapurol ng Diyos ang*
*kanilang isip hanggang ngayon; mga*
*matang di nakakakita, mga taingang di*
*nakakarinig.* 9 At sinasabi ni David: *Ma-*
*ging bitag nawa at silo ang kanilang*
*hapag, at batong nakausli na titisod sa*
*kanila.* 10 *Magdilim nawa ang kanilang*
*mga mata at di makakita at lagi nawa*
*silang manatiling nakayuko.*

**Huwag hamakin ang mga natisod**

11 Kaya itinatanong ko: Natisod ba ang
Israel para hindi na bumangon? Hindi. Sa
pagkadapa nila nakamit ng mga bansang
pagano ang kaligtasan, at magiging
hamon ito para sa Israel. 12 Naging maya-
man ang daigdig sa pagkatisod nila,
naging yaman ng mga bansa ang nawala
sa kanila – ano naman kaya sa pag-igi
nila?

13 Pakinggan ninyo ako, mga taga-
bansang pagano. Apostol ako ng mga
Judio at sa pagtupad ko sa aking pagli-
lingkod 14 hangad ko sanang hamunin ang
aking mga kalahi. At baka mailigtas ko
ang ilan sa kanila. 15 Tingnan ninyo, sa
pagkadapa nila naipagkasundo ang daig-
dig; ano pa kaya sa pagkabawi sa kanila,
kundi isang pagkabuhay?

16 Kung iniaalay ang mga unang bunga,
napababanal ang lahat ng ani. Kung banal

ang ugat, banal din ang mga sanga.
17 Nabali nga ang ilang sanga sa kanila, at
ikaw nama'y pinutol sa isang olibong
ligaw para isuksok sa kanila, at nakikina-
bang ka sa ugat at sa dagta ng kanilang
puno. 18 Huwag ka sanang magyabang sa
mga sanga. Nagyayabang ka, pero hindi
naman ikaw ang nagdadala sa ugat, kundi
ang ugat sa iyo. 19 Masasabi mong,
"Nabali sila upang may mapagsuksukan
sa akin." 20 Tama, nabali sila dahil hindi
sila naniwala at sa pananampalataya ka
naman nakatayo. 21 Huwag kang mag-
mayabang kundi mag-ingat. Kung hindi
pinatawad ng Diyos ang mga tunay na
sanga, hindi ka rin patatawarin.

22 Isipin mo! magandang-loob at
mahigpit ang Diyos. Mahigpit: nahulog
nga sila; at kagandahang-loob naman
para sa iyo kung magpapatuloy ka sa
kabutihan; kung hindi, babaliin ka rin.
23 Muli naman silang ibubuklod kung hindi
sila magpapatuloy sa di paniniwala dahil
ang Diyos ang magbubuklod sa kanila.
24 Sa magandang olibo ka ibinuklod nang
laban sa kalikasan, sapagkat galing ka sa
olibong ligaw. Mas madali pa silang
mabubuklod sa sariling olibo ayon sa ka-
likasan.

**Maliligtas ang Israel**

• 25 Gusto kong maunawaan ninyo ang
hiwagang ito, mga kapatid, at nang hindi
kayo magmalaki: magmamatigas ang
isang bahagi ng Israel hanggang maka-
pasok ang hustong bilang ng mga bansa;
26 at pagkatapos ay ang buong Israel ang
ililigtas, ayon sa sinabi ng Kasulatan:
*Magmumula sa Sion ang Manunubos na*
*mag-aalis sa Jacob ng kasalanan laban sa*
*Diyos.* 27 *At ito ang pakikipagtipan ko sa*
*kanila kapag pinawi ko ang kanilang*
*mga kasalanan.* 28 Batay sa Ebanghelyo,
mga kaaway sila, at ito'y alang-alang sa
inyo. Batay naman sa pagkahirang ng
Diyos, mahal sila dahil sa kanilang mga
ninuno, 29 sapagkat hindi mababawi ang
pagtawag at ang mga kaloob ng Diyos.

30 Isipin ninyo: hindi kayo sumunod sa
Diyos noon, ngunit sa kanilang di pag-
sunod kayo kinaawaan ng Diyos. 31 Ga-
yundin naman, hindi sila sumusunod
ngayon upang kaawaan kayo; at bunga
nito, sila'y kaaawaan din. 32 Ipinailalim
nga ng Diyos ang lahat sa di pagsunod
upang kaawaan ang lahat.

33 O, di maubos na yaman at di maisip
na karunungan at kaalaman ng Diyos!

---

pagbabago sa kasaysayan ng dantaong ito. Dapat nga nating isaisantabi na ang palagay na dahan-dahang lalawak at sasakop sa buong mundo sa pamamagitan ng mga misyon ang isang Iglesyang nagsimula sa Kristiyanismo ng Kanlurang daigdig. Ibang pananaw ang inilalahad ni Pablo: malalayasan ng daloy ng grasya ang mga lugar na dati nitong pinagyaman upang ibang mga lupain naman ang kanyang pagyamanin. Pero sinasabi rin niyang hindi ito kapritso ng Diyos sapagkat para sa kanya, paghahatid ito sa kahustuhan ng gulang ng sangkatauhan at siya lamang ang may alam ng daan. At ipinagtatanggol din naman niya ang espesyal na papel ng sambayanang Judio. Ganito ang masasabi natin sa ating matatandang baluwarte ng Kristiyanismo: ang kanilang papel na hindi na gaanong kinikilala pero nananatili pa rin itong mahalaga hangga't may nalalabi pa ring nananatiling tapat.

*ANG HANTUNGAN NG BAYANG JUDIO*

• **11.**25. Ang hantungan ng sambayanan ng mga Judio ang pinapaksa ng dalawang talata: 11-24 at 25-32. Tulad ng sinabi ni Jesus, nangalat sa lahat ng sulok ng mundo ang mga Judio at naging bansang walang lupain, at nagkakabuklod lamang dahil sa kanilang Batas, mga tradisyon at sa katiyakang sila nga ang bayang pinili ng Diyos.

Noong mga panahong hindi sila iginalang ng mga nasa ibang relihiyon, marami sa kanila ang bumuo ng maliliit nilang pamayanan sa mga bansang Kristiyano. Totoo ngang mahirap pakisamahan ng iba ang isang sambayanang kumbinsidong sila ang bayan ng tunay at iisang Diyos (Ester 10). Kayat nagdusa rin ang mga Judio sa pagkapanatiko ng mga Kristiyanong gaya rin nila. Hindi nakita ng mga Kristiyano na ang pagkapanatikong ito mismo sa relihiyon ang kinokondena ng kanilang pananampalataya. Inakala nilang pinarurusahan ang Israel para sa krimeng nagawa ng mga ninuno nito sa pagpatay nila kay Jesus: palatandaang galing sa Diyos ang tingin nila sa kasawiampalad ng Israel at sa patuloy na pag-iral nito.

Sa takbo ng kasalukuyang dantaon, naging mulat ang mga Kristiyano na katangian pala ng Ebanghelyo ang kawalang-karahasan at bokasyon nila ang maging

Paano mauunawaan ang kanyang mga
pasya at madidiskubre ang kanyang mga
daan! 34 Totoo, *Sino ang nakaaalam sa
isip ng Panginoon? Sino ang makapagpa-
payo sa kanya?*

35 *Sino ang unang makapagbibigay sa
kanya at tatanggap ng kapalit?* 36 Mula sa
kanya ang lahat at siya ang may gawa ng
lahat at para sa kanya ang lahat. Suma-
kanya ang luwalhati magpakailanman.
Amen!

**Buhay Kristiyano: magmalasakit sa kapwa**

**12** • 1 Hinihiling ko sa inyo, mga
kapatid, alang-alang sa ka-
gandahang-loob ng Diyos, na ialay ninyo
sa Diyos ang sarili bilang haing buhay at
banal at nakalulugod sa kanya: ito ang
pagsamba ng taong may-isip. 2 Huwag
kayong pahubog sa daigdig na ito; ang
pagbabagong-loob ang magbabagong-
anyo sa inyo. Kaya malalaman ninyo ang
kagustuhan ng Diyos, at kung ano ang
mabuti, ang buo at ganap at nakalulugod
sa kanya.

3 Sa bisa ng karismang ipinagkaloob sa
akin, masasabi ko sa bawat isa sa inyo:
maging aktibo kayo, pero huwag padalus-
dalos. Kumilos kayo nang may kahina-
hunan. Maayos na gamitin ng bawat isa ang
mga kaloob ng pananampalatayang
kanyang tinanggap sa Diyos.

• 4 Iisa ang katawan at may mga ba-
hagi, at may iba't ibang tungkulin ang
mga bahagi. 5 Gayundin naman, tayo'y

---

maliit na pamayanan sa mundo: isang malaking hakbang ito pasulong. Kayat napapanahon na para muling suriin ang papel ng sambayanang Judio na isa pa ring maliit na pamayanang binigyan ng lugar ng Diyos sa kasaysayan. Hindi sila tumitigil sa pagiging aktibo sa mundo, at kadalasa'y sinasabi nila ang dapat sana nating sinasabi o di sinasabi. Parang kalooban ng Diyos ang paligsahang ito ng mga Judio at mga Kristiyano tulad ng pagkaintindi rito ni Pablo. Ngunit maliwanag niyang sinasabi na sa katapusan ng daigdig, ipakikipagbalikan ang Israel kay Kristo, at malalaman ng mga Judio at mga Kristiyano na iisa pala ang magkahiwalay nilang kasaysayan.

• **12.**1 Sinisimulan dito ni Pablo ang ikalawang bahagi ng kanyang sulat. Tulad ng sa iba pa niyang mga sulat, magiging mas praktikal siya sa bahaging ito.

*Ialay n'yo sa Diyos ang inyong sarili.* Hindi lamang Linggo ang sa Diyos, kahit na mahalaga sa buhay-Kristiyano ang lingguhang eukaristiya. At hindi lamang mga partikular na tungkulin ang kailangan nating tuparin. Lahat ng nagmumula sa ating pagkatao ang siyang gusto ng Diyos.

*Huwag kayong pahubog sa daigdig na ito.* Sinasalakay tayo ng mga propaganda, uso, mga kanta na walang pakundangan sa matatandang kaugaliang pinahahalagahan natin. Ang mundo ang lahat ng ito: ibinibilanggo tayo nito sa pangangatwiran nito at sa mga pinalalabas niyang pangangailangan daw natin sa buhay. Ngunit kailangan tayong maging malaya upang maging tanging para sa Diyos lamang ang ating puso! At nakasanayan na rin natin ang ginagawa ng lahat, lalo na sa matamis na pagpapaalipin sa salapi. Hindi palaban o pesimista ang Kristiyano pero lagi niyang hinahamon ang mundo.

*Magbagong-loob kayo.* Bago magkaroon ng anumang panuntunan sa buhay, ang diwa muna nito ang kailangang meron tayo. Hindi pagtulad kay San Francisco ng Assisi ang pagsusuot ng abito: kailangan ka munang durugin ng pag-ibig ng dukhang Kristo. Sa mga bagong sukatan, sa bagong pananaw sa buhay, sa kasalukuyang daigdig at sa ating kalayaan – sa mga ito bubukal ang pagbabago ng mga Kristiyano. Nagiging mga Kristiyano tayo sa binyag na simula ng pagbabago ng ating espiritu sa liwanag ng Diyos. Basahin Ef 4:3.

*Malalaman n'yo ang gusto ng Diyos.* Hindi sapat ang pagsunod sa pinakamagandang mga patakaran. Kailangang pilitin nating lagi ang ating mga sarili na diskubrihin, pagnilayan at intindihin ang kagustuhan ng Diyos sa lahat ng pangyayari sa ating buhay.

*Halimbawa'y ang katawan.* Basahin 1 Cor 12. Bumubuo tayong lahat ng isang katawan at hindi tayo makapag-bibitiw mula sa ating responsabilidad. Sa mga lugar na kakaunti ang mga Kristiyano, karaniwa'y lubha silang umaasa sa pamayanan kayat malaking panahon ang nawawala sa kanila: ang ganitong kalagayan ang nasa isip ni Pablo. Binibigyang-diin niya na may kanya-kanyang malinaw na tungkulin ang bawat isa sa Iglesya: napakalayo nito sa pagdiriwang natin ngayon ng misa na mga "tagapakinig" lamang at walang imik ang lahat ng sumisimba.

• 4. Makukuha natin sa paraan ng pagsasalita ni Pablo na hindi pa gaanong organisado ang Iglesya noon kung ihahambing sa ngayon. Sa unang Iglesya, hindi iniaasa ang lahat sa mga paring hinubog nang bukod at isinugo sa mga Kristiyanong komunidad mula sa labas. Tulad ng sinabi natin sa mga Gawa 14:23, naghahalal ang komunidad ng Konseho ng Matatanda o presbiteryo na sinang-ayunan ng mga Apostol. Mga "propeta" ang pinaka-iginagalang sa kanila. Ang Kalipunan ng mga Presbiteryo, na siyang may kapangyarihan sa Iglesya, ang nag-diriwang ng Eukaristiya.

iisang katawan kay Kristo at kabahagi
natin ang sa isa't isa. 6 May iba't ibang
karisma ang bawat isa ayon sa kaloob na
ating tinanggap. Kung pagkapropeta,
ito'y upang mangaral ayon sa hinihingi ng
paniniwala. 7 Kung paglilingkod, ito'y
upang maglingkod. At kung pagtuturo,
upang magturo. 8 Kung tagapangaral ka,
mangaral. Gayundin naman, magbigay
nang bukas ang kamay, mamuno nang
dibdiban, makiramay nang may galak.

**Buhay Kristiyano: pag-ibig**

• 9 Maging tunay ang pagmamahal.
Kasuklaman ninyo ang masama at ku-
mapit sa mabuti.

10 Maging masipag kayo sa inyong pag-
mamahal-kapatid. Mag-unahan ang isa't
isa sa pagbibigay-galang.

11 Huwag kayong maging tamad, kundi
masikap. Maging masigla sa Espiritu at
paglingkuran ang Panginoon.

12 Ikagalak ang pag-asa; maging ma-
tatag sa paghihirap at magpatuloy sa
pananalangin.

13 Makibahagi sa pangangailangan ng
mga banal at sikaping patuluyin ang mga
bisita.

14 Pagpalain ninyo ang mga umuusig sa
inyo. Pagpapala at hindi sumpa. 15 Maki-
galak sa mga nagagalak, makitangis sa
mga tumatangis. 16 Magdamayan. Huwag
mangarap nang mataas, kundi masiya-
han sa pangkaraniwan. Huwag magmaru-
nong sa inyong sarili.

17 Huwag ninyong gantihan ang si-
numan ng masama para sa masama. Ang
maganda sa paningin ng lahat ang isipin
ninyo. 18 Hangga't maaari, sikapin nin-
yong maging payapa sa lahat ng tao.
19 Huwag maghiganti, mga minamahal,
bigyang-daan ang galit ng Diyos ayon sa
nasusulat: *Akin ang paghihiganti, ako
ang magbibigay ng kapalit – wika ng
Panginoon.* 20 Sa halip, *pakanin mo ang
iyong kaaway kung nagugutom,
painumin kung nauuhaw. Ang mga
ginagawa mong ito ay magiging parang
mga nagliliyab na baga sa kanyang ulo.*
21 Huwag kang palupig sa masama kundi
lupigin ng mabuti ang masama.

**Pasakop sa may kapangyarihan**

**13** • 1 Pasakop ang bawat isa sa mga
may kapangyarihan. Walang ka-
pangyarihan na di galing sa Diyos, at siya
ang nagtatag ng mga tungkulin. 2 Kaya
sumusuway sa balak ng Diyos ang sumu-
suway sa may kapangyarihan, at nagha-
hatid ng sariling kaparusahan.

3 Hindi kinatatakutan ng gumagawa ng
mabuti ang mga pinuno kundi ng guma-

---

Talagang pinahahalagahan ng samahan ang kakayahan o kaloob sa bawat isa. At kinikilala rin bilang kaloob o karisma ang mismong pamamahala sa Iglesya. Tingnan ang Ef 4:11 at ang mga komentaryo sa 1 Tim 4:14.

Subalit sa buong daloy ng kasaysayan, kinailangan ng Iglesya na baguhin ang organisasyon nito at patuloy na iangkop ang sarili sa mga pagbabago ng mga estrukturang panlipunan at pagsulong sa kultura.

*Magbigay nang bukas ang kamay* (8). Pagkatapos ng pagtupad sa mga tungkulin, lumilipat si Pablo sa pag-ibig sa kapwa.

• 9. Bersikulo 9-13: Nagpapahayag ito ng isang programa sa Kristiyanong pamumuhay. Wala ritong mga utos na ukol sa mga panlabas na asal; saloobin at pananaw ang ipinagdidiinan ni Pablo.

*Huwag ninyong gantihan ang sinuman ng masama para sa masama* (17). Mabigat ang atas na ito ng pagpapatawad na karaniwang binibigkas ni Jesus. Huwad na karunungan ang nag-uudyok sa atin na gantihan ng masama ang masama, ng kabagsikan ang kabagsikan, ng ngipin sa ngipin... Huwad na karunungan din (16) ang gayahin ang kilos ng alta sosyedad para lamang mapansin, o ang mangarap ng buhay na wala nang problemang pangmateryal, o ang magbigay ng higit na pagpapahalaga sa mga may-kaya, sa mga makapangyarihan o sa mga magaling magsalita.

• **13.1** Sa mundong ginalawan ni Pablo, marami ang bumaling sa relihiyon para maiwasan ang kanilang mga tungkulin sa kani-kanilang mga pamilya at lipunan (basahin ang 2 Tes 3:6-12). Binibigyang-diin ni Pablo ang espirituwal na bahagi ng buhay-Kristiyano ngunit hindi siya sang-ayon sa gayong pag-iwas na taliwas sa lahat ng kanyang natutuhan sa biblia. Kaya igigiit niya ang pagsunod sa mga nanunungkulan sa kalagayan ng isang lipunang ibang-iba sa demokrasya natin ngayon.

Nilapastangan na noon ng mga awtoritaryong

gawa ng masama. Gusto mo bang mamuhay nang walang takot sa may kapangyarihan? Gumawa ka ng mabuti at pararangalan ka nila. 4 Mga lingkod sila ng Diyos para sa kabutihan. Sa paggawa mo naman ng masama, matakot ka! Hindi bale-wala ang dala niyang tabak. Lingkod din sila ng Diyos sa pagpaparusa sa masama.

5 Kaya kailangang pasakop, hindi dahil lamang sa parusa, kundi dahil sa konsiyensya. 6 Ito ang dahilan ng pagbabayad ninyo ng mga buwis. Lingkod din sila ng Diyos sa paniningil ng buwis. 7 Kaya ibigay ninyo sa lahat ang nararapat: bayad sa dapat bayaran, buwis sa dapat buwisan, pagsunod kung pagsunod o respeto kung respeto.

8 Huwag kayong magkautang kaninuman, liban sa pagmamahalan ng isa't isa. Tumutupad sa Batas ang nagmamahal sa kapwa. 9 *Mahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.* Nasa salitang ito ang buod ng mga kautusan: *Huwag kang makiapid, huwag kang papatay, huwag kang magnakaw, huwag kang magnasa,* at ng iba pa. 10 Hindi na nagkakasala sa kapwa ang may pagmamahal sa kapwa, kaya pagmamahal ang kaganapan ng Batas.

**Mga anak sa liwanag**

• 11 Unawain ninyo ang kasalukuyan: oras na para gumising tayo. Mas malapit pa nga ngayon ang ating kaligtasan kaysa nang magsimula tayong sumampalataya.

---

pamahalaan ang tekstong ito ni Pablo. Sapagkat matapos nilang mapairal ang kanilang batas sa paggamit ng dahas, inaasahan nilang sundin sila ng mga tao na parang mga lehitimong lingkod sila ng Diyos at ng kapakanan ng bayan. At patuloy pa rin itong nilalapastangan ngayon sa maraming lugar – sa mga sinasabing kolonya ng mga imperyalistang bansa, tinitiyak ng mga nasa poder ang pagpapadala ng mga mangangaral na mag-aanyaya sa mga Kristiyano na tumahimik sa harap ng pang-aapi at pambubusabos ng ekonomiya, at ang talatang ito ang kanilang ginagamit para suportahan ang kanilang mensahe. Totoo nga na sa isang dako'y "mga kamay ng Diyos" ang mga nanunungkulan sa bayan. Pero hindi ba't nasa biblia rin na binibigyang-kapangyarihan din ng diyablo ang mga naglilingkod sa kanya (Lc 4:5-7; Pag 13:1-9; Jn 12:31 at 14:30)?

Nabuhay si Pablo at ang kanyang mga mambabasa sa isang daigdig na halos walang kumukuwestiyon sa pagkalehitimo ng kapangyarihan ng mga Romano. At dahil hindi maaaring magkaroon ng kapayapaan at pangkalahatang kapakanan nang walang kapangyarihan at pagsunod, sinasabi ni Pablo na sa Diyos nagmumula ang pagsunod sa mga nasa poder. Sa pagsasalita niya tungkol sa "mga lumalaban sa mga nasa kapangyarihan," ang mga naghahangad magpataw ng sarili nilang interes o ng grupong kanilang kinabibilangan ang nasa isip ni Pablo. Isang ugaling palaban sa lipunan ang hindi niya sinasang-ayunan, na siyang malalahad sa 1 P 2:13 at Tit 3:1 nang magsimulang paghinalaan ng mga nasa kapangyarihan ang mga Kristiyano.

Hindi puwedeng gamitin ang mga salitang ito para husgahan ang mga lumalaban o sumasalungat sa mga nasa kapangyarihan bilang pagsunod sa kanilang konsiyensya. Sa anumang pagkakataon, tanging sa Diyos lamang ipinaiilalim ng Kristiyano ang kanyang konsiyensya. Kapag labag na sa katotohanan at katarungan ang hinihingi ng mga nasa kapangyarihan, nilalabanan ito ng Kristiyano ayon sa paraang sinasabi sa kanya ng kanyang konsiyensya at handa niyang harapin ang anumang parusang ipapataw ng batas ng tao, sukdulang ialay niya ang kanyang buhay. Marami sa mga martir na pinararangalan ngayon ng Iglesya ang hinatulang mamatay bilang mga subersibo at kaaway ng kaayusang panlipunan ng kanilang panahon.

Mga lingkod sila ng Diyos para sa kabutihan (4). Kaya kailangan nating itanong kung nagtataguyod ba ng kabutihan ang mga nasa kapangyarihan. Kung para lamang sa kapakanan ng kakaunti ang mga batas, o kung pinahihintulutan nito ang katiwalian, o mapang-api ito sa mga pobre, hindi naglilingkod sa Diyos ang mga ito: alalahanin natin ang Isaias 5:8; 10:1-3; Amos 5:7-12.

Iisang Panginoon lamang ang kinikilala ng sumasampalataya. Hindi siya makapapayag na maging mga tunay na panginoon ang ilang malalaking tao na kayang iligpit ang mga sumasalungat sa ganap nilang kapangyarihan.

At pag dating kay Jesus, tumanggi siyang makialam sa pulitika (Mc 12:13-17). Pero hindi rin naman niya pinagbawalan ang mga may gustong pumasok sa larangan ng pulitika. Malaya niyang tinutuligsa o nilalabag kahit na ang pinasagradong mga batas sa sandaling maging mapang-api ang mga ito.

Sa lumipas na dantaon, madalas na ipinaaalaala sa atin ng Iglesya na hindi maipagkakait sa atin ng anumang kapangyarihan ang ating mga karapatan bilang tao, at kailangang maging maingat ang lahat sa paghahalal sa mga manunungkulang maglilingkod para sa pangkalahatang kapakanan. Tungkol sa mga bagay na ito, basahin ang aral ng Iglesya sa *Gaudium et Spes* 73-76.

• 11. *Unawain ninyo ang kasalukuyan: oras na*

12 Palipas na ang gabi at malapit nang
umaraw. Kaya itakwil natin ang mga gawa
ng kadiliman at gamitin natin ang mga
sandata ng kaliwanagan. 13 Mabuhay tayo
nang marangal na parang nasa liwanag
nang walang katakawan at paglalasing,
walang kalaswaan at kahalayan, walang
pagtatalo at inggitan. 14 Kundi ibihis ninyo
ang Panginoong Jesucristo at huwag ka-
yong sumunod sa hilig ng laman at sa
mga pagnanasa nito.

**Ang mahina at ang malakas**

**14** • 1 Tanggapin ninyo ang nalalabuan
pa sa kanyang pananampalataya.
Huwag magtalu-talo tungkol sa mga
kuru-kuro. 2 May kumbinsido na puwede
siyang kumain ng kahit ano. Nagdadala-
wang-isip naman ang iba, at gulay
lamang ang kinakain. 3 Huwag hamakin
ng kumakain ang hindi kumakain, at
huwag namang pulaan ng hindi kumakain
ang kumakain: tinanggap na nga siya ng
Panginoon. 4 Sino ka para hatulan ang
utusan ng iba. Maging matatag man siya o
mabuwal, problema na iyon ng kanyang
Panginoon. Ngunit tatayo pa rin siya
sapagkat kaya siyang patayuin ng Pangi-
noon.
5 May naniniwala na may araw na mas
kapaki-pakinabang; para naman sa iba'y
walang kaibahan ang mga araw. Sundin
ng bawat isa ang kanyang palagay. 6 Para
sa Panginoon nagpapahalaga ang nagpa-
pahalaga sa mga araw, at para rin sa
Panginoon kumakain ang kumakain, at
nagpapasalamat siya sa Diyos. Para rin sa
Panginoon hindi kumakain ang hindi
kumakain at nagpapasalamat siya sa
Diyos.
7 Walang sinuman sa atin ang nabu-
buhay para sa sarili, at wala ring nama-
matay para sa sarili. 8 Nabubuhay ba
tayo? Nabubuhay tayo para sa Pangi-
noon. Namamatay ba tayo? Namamatay
tayo para sa Panginoon. 9 Para maghari sa
mga patay at buhay – ito nga ang dahilan
kaya kinakailangang mamatay at mabu-
hay si Kristo.
10 Kaya huwag hatulan ang iyong
kapatid; at ikaw, huwag mong pulaan ang
iyong kapatid. Sabay-sabay nga tayong
haharap na lahat sa hukuman ng Diyos
ayon sa nasusulat: 11 *Buhay ako, sabi ng
Panginoon; sa harap ko luluhod ang
lahat, at magpupuri sa Diyos ang lahat ng
dila.* 12 Kaya papapanagutin ng Diyos ang
bawat isa sa atin para sa kanyang sarili.
13 Huwag na nating siyasatin ang isa't
isa; magsiyasat tayo kung paano tayo di
maglalagay ng katitisuran at ikadadapa
ng ating kapatid. 14 Alam ko at kumbin-
sido ako sa Panginoong Jesus, na walang
bagay na likas na marumi. Marumi
lamang ito para sa naniniwala na marumi
nga. 15 Pero, kung pinasasama mo ang
loob ng kapatid mo sa iyong pagkain,
hindi ka na nabubuhay ayon sa pagma-

---

*para gumising.* Pagkatapos ipaalala ang mga tungkulin ng Kristiyano sa daigdig na ito, agad siyang bumabalik sa kabilang direksyon: mag-ingat at baka mapalagay ang loob sa mundong ito. Sapagkat ang pagdating ni Kristo ang laging hinihintay ng Kristiyano.

Sa unang tatlumpung taon ng Iglesya, hinihintay ng lahat ang nalalapit na pagbabalik ni Jesus. Nang makita nilang tatagal pa ang kasaysayan, ang huling hantungan ng bawat isa ang kanilang pinagtuunan ng pansin: dito nila makakatagpo ni Kristo. Sa kasalukuyang dantaon, napag-alaman nating may hahantungan ang kasaysayan at hindi pala ang huling oras lamang natin ang dapat nating paghandaan kundi kailangan din tayong gumawa para sa pag-eebanghelyo sa daigdig. Ang Ebanghelyo ang lakas na naghahatid sa kabuuan ng kasaysayan ng tao sa kahustuhang-gulang – tuwiran man o hindi. Sa banal at responsable nating pamumuhay, inaapura natin ang pagdating ng kaharian ng Diyos (2 P 3:12).

• **14.1** Iba nga kayang talaga ang mga tao noong panahon ni Pablo kaysa atin ngayon? Matapos nilang marinig ang kanyang paalala tungkol sa mga dakilang katotohanan, mapagagaan kaya nila ang bigat at hirap ng pamumuhay sa komunidad?

*Tanggapin ninyo ang mga nalalabuan pa sa kanilang pananampalataya.* Mga dayuhan ang marami sa mga Kristiyano sa Roma. Sa ibang kultura at relihiyon sila galing, Judio man o Griyego, at hindi pa nila lubusang tinatalikuran ang matatanda nilang kaugalian. Kung may espesyal na karneng gusto ang

mahal. Namatay si Kristo para sa kanya
kaya huwag mo siyang ipahamak sa
iyong pagkain. [16]Huwag ka sanang
mapulaan sa mabuting nasa iyo.

[17]Hindi nga tungkol sa pagkain at
inumin ang kaharian ng Diyos, kundi
kabanalan at kapayapaan at kaligayahan
sa Espiritu Santo. [18]Kalugud-lugod sa
Diyos at pinahahalagahan ng mga tao ang
naglilingkod nang ganito kay Kristo.
[19]Kaya magtrabaho tayo para sa
kapayapaan at para sa sama-sama nating
paglago.

[20]Huwag mong sirain dahil sa pagkain
ang gawa ng Diyos. Malinis nga ang lahat
ng pagkain, ngunit mali ang kumain ng
anuman kung ito'y ikatitisod ng iba.
[21]Mas mabuti ang huwag kumain ng
karne o uminom ng alak o kahit anumang
ikatitisod ng kapatid.

[22]Sa Diyos mo na lamang ipaalam ang
iyong paniniwala tungkol dito; mapalad
ang hindi hinahatulan ng sariling kon-
siyensya sa pagsunod sa kanyang
paniniwala. [23]Ngunit may kasalanan ang
kumakain nang may alinlangan, sapagkat
hindi ito hatid ng paniniwala. Kasalanan
nga ang lahat ng ito na di hatid ng pani-
niwala.

**15** [1]Dapat pasanin ng malalakas
ang mga kahinaan ng mahihina;
huwag nating bigyang-lugod ang sarili.
[2]Bigyang-lugod ng bawat isa sa atin ang
kanyang kapwa at gawin ang mabuti na
magpapatatag sa kanya. [3]Hindi nga
binigyang-lugod ni Kristo ang sarili, kundi
nasusulat: *Bumagsak sa akin ang mga
pag-insulto ng mga umiinsulto sa iyo.* [4]At
para sa atin din sinulat ang lahat ng nasu-
lat noong una upang sa ating tiyaga at sa
kaaliwang dulot ng mga Kasulatan ay
magpatuloy tayo sa pag-asa. [5]Galing sa
Diyos ang tiyaga at kaaliwan; bigyan
nawa niya kayo ng pagkakaisa bilang
mga Kristiyano. [6]At luwalhatiin ninyo sa
iisang puso at bibig ang Diyos at Ama ng
ating Panginoong Jesucristo.

[7]Kaya tanggapin ninyo ang isa't isa
gaya ng pagtanggap sa inyo ni Kristo para
sa kaluwalhatian ng Diyos. [8]Masasabi ko
nga: dumating si Kristo bilang lingkod ng
bayang Judio para tuparin ang mga ipina-
ngako sa kanilang mga ninuno dahil
matapat ang Diyos. [9]Ngunit dapat ding
luwalhatiin ng ibang mga bansa ang Diyos
dahil sa kanyang awa, gaya ng sinasabi sa
Kasulatan: *Dahil dito kita ipagbubunyi sa
mga bansang pagano at aawit ako sa
iyong pangalan.* [10]At isa pa'y: *Magalak
kayo, mga bansa, kasama ng kanyang
bayan.* [11]At *awitan ninyo ang Panginoon,
lahat ng bansa, at purihin siya ng lahat
ng bayan.* [12]At sinasabi rin ni Isaias:
*Mananariwa ang ugat ni Jese, at mamu-
muno siya sa mga bansa. Sa kanya
mananalig ang mga bansa.*

[13]Ipagkaloob nawa sa inyo ng Diyos ng
pag-asa ang pagsampalataya at punuin
kayo ng kagalakan at kapayapaan, at
sumagana ang inyong pag-asa sa bisa ng
Espiritu Santo.

---

mga Judio, lalo namang paguguluhin ang problema ng mga kumakain lamang ng gulay. Kung may araw ng pahinga ang mga Judio, may kanilang araw naman ang iba para sa "pag-aayuno" at may mga malas na araw pa. Sa umpisa'y magalang ang mga tao sa isa't isa pero dahil sa kayabangan, madali silang nagkainisan "sa diwa ng pananampalataya."

Ipinaaalala sa atin ni Pablo ang itinuro ni Jesus (Mc 7:19): walang anumang pagkain o inuming ipinagbabawal.

Ngunit ayaw ni Pablo na makipagtalo sa mga bagay na ito. *Huwag magtalu-talo sa mga kuru-kuro.* Kailangang igalang ng sinumang nakalampas na sa karaniwang paghuhusga sa kapwa ang konsiyensya ng iba. Isakripisyo ng bawat isa ang sarili niyang ginhawa para sa kabutihan ng iba kung ito ang kinakailangan. Ganito ring mga problema ang nararanasan sa sama-samang pamumuhay ng mga Kristiyanong mula sa iba't ibang kultura, lahi o ng mga grupong pampulitika. Isa itong pagkakataon para magpakita sila ng paggalang sa isa't isa. *Kasalanan nga ang lahat ng ito na di hatid ng paninindigan* (23). Mahalagang pahayag ito sa kalayaan ng konsiyensya, at madalas nga siguro itong nalilimutan. Ngunit ipinaaalaala sa atin mismo ni Santo Tomas Aquinas na walang batas o awtoridad sa relihiyon ang dapat sundin nang labag

**May responsabilidad si Pablosa mga Kristiyanosa Roma**

• [14] Para sa akin, mga kapatid, natitiyak
ko na kayo'y mabubuting-loob at puno ng
karunungan para pagpaalalahanan. [15] Ga-
yunman, pinangahasan kong maging
prangka sa ilang bahagi ng aking sulat
upang ipaalala sa inyo ang alam na ninyo.
Sa kaloob nga ng Diyos ako hinirang
[16] upang maging katiwala ni Kristo Jesus
para sa mga bansang pagano. At naging
pari ako ng Ebanghelyo ng Diyos upang
ang mga pagano'y maging banal na hain
sa Espiritu Santo at maging kalugud-
lugod sila sa Diyos.
[17] Kaya kaluwalhatian ko kay Jesu-
cristo ang paglilingkod ko sa Diyos.
[18] Ngunit hindi ako mangangahas mag-
sabi ng anuman liban sa ginawa ni Kristo
sa pamamagitan ko para sumampalataya
ang mga pagano – ang mga ginawa ko sa
salita at sa gawa, [19] sa bisa ng mga tanda
at mga himala, sa bisa ng Espiritu. Mula
sa Jerusalem at sa lahat ng dako hang-
gang Iliria, pinalaganap ko ang Ebang-
helyo ni Kristo.
[20] Ngunit pinag-ingatan ko ring huwag
mag-ebanghelyo kung saan kilala na ang
ngalan ni Kristo, at huwag magtayo sa
pundasyon ng iba. [21] Nasusulat nga na:
*Makikita siya ng mga di-nakabalita sa kanya, at mauunawaan ng mga di-naka-rinig.*

**Tulong sa mga Kristiyano sa Jerusalem**

• [22] Ang gawain kong ito ang malimit
maging hadlang sa pagpunta sa inyo.
[23] Pero ngayong wala na akong gawain sa
mga rehiyong ito, at dahil matagal na
panahon ko nang pinananabikang makita
kayo, [24] dadaan ako riyan pagpunta ko sa
Espanya. Inaasahan kong makita kayo sa
pagdaan ko at tutulungan ninyo akong
magpatuloy matapos masiyahan sa inyo
ang aking kalooban.
[25] Ang pagtulong naman sa mga banal
ang dahilan ng pagpunta ko ngayon sa
Jerusalem. [26] Ginusto nga ng mga taga-
Macedonia at Acaya na mangolekta para
sa mga dukhang banal sa Jerusalem.
Ginusto nila at talaga ngang may-utang
sila. [27] Sa espirituwal na yaman nga ng
mga Judio nakibahagi ang mga di Judio
kaya nararapat na tulungan nila ang mga
Judio sa materyal na yaman nila. [28] At
pagkadala ko at pagkabigay ng kolektang
ito sa kanila, pupunta ako sa Espanya sa
tulong ninyo. [29] Natitiyak kong darating
ako sa inyong taglay ang mga pagpapala
ni Kristo.

---

sa ating konsiyensya. Kayat malaking responsabilidad ang magkaroon tayo ng mabuting panukat sa pamamagitan ng pagbabasa, pakikipag-usap, pagbasa sa biblia, pagkaalam na gumagawa ang Espiritu sa lahat ng buhay ng Iglesya.

• **15.**14 Dito natin makikita ang pagkamaginoo ni Pablo. May kapangyarihan siya bilang apostol ni Kristo at kaya niyang lumutas ng mga problema ng Iglesya sa Roma. Subalit kahit may dapat siyang ituro sa kanila, talagang iniingatan niyang huwag lumikha ng pagkakahati-hati o pagpapagalingan; iginagalang din niya ang mga nagtatag o mga namumumo ng Romanong komunidad.

*Bilang pari ni Kristo Jesus* (16). Iba ang kahulugan ng salitang ito sa pakahulugan natin ngayon. Hindi ginamit ng mga unang Kristiyano ang salitang "pari" bilang pantukoy sa kanilang mga lingkod, upang hindi sila ipagkamali sa mga Judio o paganong ministro na nag-aalay ng biktima sa Diyos. Ngunit dito, inihahambing ni Pablo ang kanyang sarili sa kanila. Hindi mga susunuging handog ang inilalahad niya sa Diyos; sa halip, *inilalahad niya ang mga pagano* at ipinagkakasundo sila sa Diyos. Ito ang bago at espirituwal na pagsamba (12:1) na iniaalay ng mga apostol sa Diyos.

May panganib ngayon ng pagbibigay ng sobrang pansin sa magagarang liturhiya, nakakalimutan tuloy ang mas mahirap at kalimita'y minamasamang gawaing pagkasunduin ang mga taong malaya at alam ang kanilang dangal bilang tao. Sila lamang na nagta-laga ng kanilang sarili sa ganitong pag-eebanghelyo ang tunay na makapagdiriwang ng Eukaristiya.

• 22. Pagpunta sa mas malayo pa sa Roma na pinakasentro ng daigdig noon ang paglalakbay pa-Espanya. Makikita natin dito kung gaano kasigasig si Pablo sa pagbubuo ng mga bagong pamayanan sa lahat ng lugar, nang hindi hinihintay na maging perpekto ang mga nauna niyang itinayo. Hindi mas malayo pa sa Roma o sa ibayong-dagat ang misyon

30 Ipinakikiusap ko sa inyo alang-alang
sa ating Panginoong Jesucristo at sa pag-
mamahal ng Espiritu, na samahan ako sa
laban, 31 sa pananalangin ninyo para sa
akin sa Diyos, at tulungan akong maligtas
sa mga di sumampalatayang nasa Judea,
32 at maging kalugud-lugod din sa mga
kapatid na nasa Jerusalem ang aking
paglilingkod. 33 Kung magkagayo'y mag-
lalakbay akong masaya papunta sa inyo
at magpapahingang kasama ninyo, kung
may awa ng Diyos. 34 Sumainyong lahat
ang Diyos ng kapayapaan. Amen.

**Pagbati**

**16** 1 Inihahabilin ko sa inyo si Febe
na ating kapatid na babae, diyako-
nesa sa Iglesya ng Cencreas. 2 Tanggapin
ninyo siya sa Panginoon sa paraang
marapat sa mga banal. Tulungan ninyo
siya sa lahat ng pangangailangan niya
sapagkat marami siyang tinulungan, pati
na ako.

3 Kumusta kina Prisca at Aguila na mga
katulong ko kay Kristo Jesus. 4 Isinuong
nila sa panganib ang kanilang buhay
alang-alang sa akin. Nagpapasalamat
ako sa kanila pati ang lahat ng Iglesya ng
mga bansang pagano. 5 Kumusta rin sa
Iglesyang natitipon sa kanilang bahay.

Kumusta kay Epeneto na aking mahal,
na siyang naging unang Kristiyano sa
Asia. 6 Kumusta kay Maria na nagtrabaho
nang lubos para sa inyo. 7 Kumusta kina
Andronico at Junias na mga kamag-anak
ko at kapwa-bilanggo noon. Mga kilalang
apostol sila na naunang maging mga
Kristiyano kaysa akin.

8 Kumusta kay Ampliato na aking
mahal sa Panginoon. 9 Kumusta kay
Urbano na aking katulong kay Kristo, at
kay Eutiquis na aking mahal. 10 Kumusta
kay Apeles na matapat kay Kristo.
Kumusta sa mga kasambahay ni
Aristobulo. 11 Kumusta sa kamag-anak
kong si Herodion. Kumusta sa mga Kris-
tiyanong kasambahay ni Narciso.
12 Kumusta kina Trifena at Trifosa na
nagtatrabaho alang-alang sa Panginoon.
Kumusta kay Persida na mahal ko, na
nagtrabaho nang lubos alang-alang sa
Panginoon. 13 Kumusta kay Rufo na hini-
rang ng Panginoon at sa kanyang ina na
itinuring kong ina rin. 14 Kumusta kina
Asincrito, Flegonte, Hermes, Patrobas,
Hermas at sa mga kapatid na kasama
nila. 15 Kumusta kina Filologo at Julia, kay
Nereo at sa kanyang kapatid na babaeng
si Olimpias at sa lahat ng banal na
kasama nila. 16 Magbatian kayo sa banal
na halik. Kinukumusta kayo ng lahat ng
Iglesya ni Kristo.

**Isang babala**

• 17 Isinasamo ko sa inyo, mga kapatid,
na mag-ingat kayo sa mga gumagawa ng
mga pagkakawatak-watak at iskandalo
sa pangangaral sa inyo ng mga bagay na
taliwas sa inyong natutuhan. Iwasan ninyo
sila. 18 Hindi si Kristo ang pinaglilingkuran
nila kundi ang sariling tiyan, at dinadaya
ang mga walang-malay sa kanilang
magaganda at relihiyosong pananalita.

---

ngayon: ang nasa "kabilang-ibayo" ng isang magandang kapaligiran kung saan palagay ang ating loob ang kailangang tingnan ng bawat pamayanang Kristiyano. At saka lamang marahil natin madidiskubre ang milyun-milyon pang nabubuhay na malapit pala sa atin pero "napakalayo" rin naman.

*Pagtulong sa mga banal ang dahilan ng pagpunta ko sa Jerusalem* (25). Nabigo ang pagtatangka ng komunidad ng mga banal sa Jerusalem na magkaroon ng sama-samang pagmamay-ari ng kanilang mga ari-arian (Gawa 2:44). Kaya nag-organisa si Pablo ng isang koleksyon para sa kanila sa lahat ng mga Griyegong komunidad; umaasa siya na makatutulong ang pagkakapatirang ito sa pagpapatatag ng ugnayan ng mga Judio at Griyegong Kristiyano.

Madalas hindi maiwasan ang mga salungatan sa Iglesya dahil iba't ibang kultura o panlipunang kalagayan ng tao. Napakadalas, mahirap talaga kahit ang mag-usap. Sa ganyang pagkakataon, napagkakasundo lamang ang mga puso sa paglilingkod ng pag-ibig kung saan hindi makakamit ang pag-uunawaan ng mga isip.

• **16.**17 *Mga kapatid, mag-ingat kayo* (17). Wa-

19 Alam ng lahat na masunurin kayo, at
ikinagagalak ko ito ngunit gusto kong
maging matalino kayo para sa mabuti at
may paninindigan sa harap ng masama.
20 Malapit nang durugin ng Diyos ng kapa-
yapaan si Satanas sa ilalim ng inyong
mga paa. Sumainyo ang grasya ng ating
Panginoong Jesucristo.

21 Kinukumusta kayo ni Timoteo na
aking katulong, gayon din nina Lucio,
Jason at Sosipatro, na mga kamag-anak
ko.

22 Akong si Tercio ang tagasulat ng
liham na ito at kinukumusta ko kayo sa
Panginoon.

23 Kinukumusta kayo ni Gayo na nag-
patuloy sa akin at sa buong Iglesya.
24 Kinukumusta kayo ni Erasto na ingat-
yaman ng lunsod, at ni Cuarto na aming
kapatid.

25 Luwalhati sa kanya na magpapatatag
sa inyo sa Ebanghelyong ipinangangaral
ko at sa pagpapahayag ni Jesucristo.

Ibinubunyag na ngayon ang mahiwa-
gang balak na nalihim sa loob ng matagal
na panahon.

26 Itinakda ng Walang-hanggang Diyos
na ipaliwanag ito ngayon sa pamama-
gitan ng mga sinulat ng mga Propeta, at
dapat sumunod ang mga bansa sa ipina-
hahayag na pananampalataya.

27 Luwalhatiin magpakailanman ang
Diyos na Siyang tanging marunong sa
pamamagitan ni Jesucristo. Amen.

---

lang sulat si Pablo na walang ganitong babala laban sa pagkakawatak-watak at laban sa mga nagtuturo ng "ibang Ebanghelyo." Ang doktrina ng Iglesya ang siyang doktrina ng mga apostol, na mga saksi ni Jesus. May herarkiya rito, ibig sabihin, isang awtoridad na itinatag sa legal na paraan; at iniuutos ni Pablo ang pagtalima sa mga bagay na ukol sa paniniwala.

Ang huling pangungusap ay isang panalangin ng pagpapasalamat. Tulad ito ng ibang mas mahabang panalangin na ginamit niyang pambungad sa kanyang sulat sa mga taga-Efeso.